

**Pag Napakò  
ang Pangako:  
Isang Kalipunan  
ng Tula**

**TOMÁS**

The Journal of the UST Center  
for Creative Writing and Literary Studies

**Volume 4 ♦ Issue 1**

Tomás is a refereed journal published by the  
UST Center for Creative Writing and Literary Studies

©2023 by the authors and editors

All rights reserved.

No copies can be made in part or in whole without prior written permission from the  
authors and the editors

ISSN: 0119-7908

## TOMÁS

The Official Peer-Reviewed Journal  
of the UST Center for Creative Writing and Literary Studies

Cristina Pantoja Hidalgo  
*Editor-in-Chief*

Chuckberry J. Pascual  
*Managing Editor*

Dawn Catherine Llanera  
*Book and Cover Designer*

### *International Editorial Board*

Gemino H. Abad  
National Artist for Literature  
University of the Philippines Diliman

Virgilio S. Almario  
National Artist for Literature  
University of the Philippines Diliman

Jose Duke S. Bagulaya  
The Education University of Hong Kong

Nerissa S. Balce  
The State University of New York  
at Stony Brook

John Blanco  
University of California San Diego

Cecilia Brainard  
Philippine American Literary House

Gary C. Devilles  
Ateneo de Manila University

M. Evelina Galang  
University of Miami

Eugene Gloria  
DePauw University

Ramon Guillermo  
University of the Philippines-Diliman

Robin Hemley  
Professor Emeritus  
The University of Iowa

Luisa A. Igloria  
The Muse Writers Center in Norfolk

Jazmin Llana  
De La Salle University Manila

Shirley Lua  
De La Salle University Manila

Vicente Rafael  
University of Washington

Tim Tomlinson  
New York University


Ruanni Tupas  
University College London

Galileo Zafra  
University of the Philippines Diliman

# Pag Napakò ang Pangako: Isang Kalipunan ng Tula

Paul Alcoseba Castillo

TOMÁS  
The Journal of the UST Center  
for Creative Writing and Literary Studies  
Volume 4 • Issue 1





# ABSTRACT

This study, *Pag Napako ang Pangako (Crucified Convictions)*, will tackle how poetry explores failed promises (“napakong pangako”). Castillo suggests that there is a parallelism between Christ as a “promise” granted and the violence His person endured at the Crucifixion as the Redeemer, vis-a-vis the experience of language in poetry resulting in the reversal of assurances/guarantees in its meanings.

There are three forms of promises identified in poems that demonstrate the “napakong pangako”: 1) Deviation (“pagkaligaw”)—a form of delivery that results in the wrong direction of the work; 2) Deceit (“kasinun-galingan”)—when poetry goes against truth; 3) Darkness (“karimlan”)—the total loss of light and the death of meaning.

In a way, this is a reversal of Christ’s own promise being the Way, the Truth, and the Light. The three forms of promises tackled in the first part will be elucidated in the discussion of the author’s own poems, published in the collection “Walang Iisang Salita” (Manila: UST Publishing House, 2018): losing the way while searching for the right path towards clarity in the subject of Straying, the acceptance that supposed truths are tackled in Deceit, and being subjugated by different threats and loss of life is discussed in the subject of Darkness.

A play on the idiom of failed promises (“napakong pangako”) is the title of the study in order to reveal that promises are failed (“nailed”) in poetry but they do not remain in that form, because the salvation through Christ’s Crucifixion is the same manner in which freedom is attained in poetry.



# NILALAMAN

Abstrak	v
Introduksiyon	ix
Panimula	xiii
<b>Unang Bahagi</b>	
Ang Pangakong Napakò sa Tula	1
Pagtula Bílang Pagdahas sa Wika	14
Krusipiksiyon ng Salita	17
Sa Balangkas ng Pagpapakò	22
Ang Napapakò sa Tula	26
Ang Pakò sa Pangako	30
Pag Iniligaw ng Daan	31
Nang Magsinungaling Ang Katotohanan	35
Sa Pagyao ng Liwanag	40
Ang Akò sa Pangako	45
Ang Paglaya ng Talinghaga	47
Pag-ako ng Pangako	50
Mulang Pagkapakò Hanggang Resureksiyon	52
Kongklusyon	58

## **Ikalawang Bahagi**

Mula sa Pag Napakò Ang Pangako	63
Tipan	65
Empake	66
Tawad	67
Panata	68
Billboard	71
Kulong	72
Sa Tayuman	73
Ang Susunod na Kristo	74
Balik-Taya	75
Victor	77
Kristo	78
Sajid Bulig	79
Asetiko	80
Dulong Talâ	82
Mga Akdang Sinipi	86
Tungkol sa May-akda	91



# INTRODUKSIYON: THE INCARNATIONALISM OF PERCEPTION IN *PAG NAPAKÒ ANG PANGAKO*

Ma. Ailil B. Alvarez

There is no denying that Paul Alcosoba Castillo's poems are infused with the power of the spirit, and his verses directly reflect a distinctly Catholic spirituality.

There are two hallmarks considered for a work for it to fall into the scope of what could be defined as Catholic literature—incarnationalism and sacramentality—and it is the former principle that the reader would, quite easily, find embodied in the poems in this monograph. As a core mystery of Catholic faith, the Incarnation, God becoming man, signifies the union of divinity and humanity in the Person of Christ. Eminent scholar of Catholic literary and cultural studies Mary Reichardt said in her *Exploring Catholic Literature* (2003) that “because Jesus chose to save humankind by becoming a person and going through life in this world, from birth to death, he sanctified all aspects of our existence on earth. Salvation is not to be found or holiness achieved, therefore, by scorning reality or attempting to close one's eyes, Buddha-like, to all that is human. In Catholic thinking, there is thus no glossing over of the difficulties, evils, and sufferings of life” (Reichardt, ch. 1).

Reichardt further says that “writers in the Catholic tradition [are encouraged] to describe life just as they see and experience it, warts and all, without any artificial need to, as Flannery O'Connor once stated, ‘tidy up’ reality for the sake of a positive or uplifting story. It is this life, just as it is here and now, that God loves, transforms, and redeems” (Reichardt, ch. 1).

In *Pag Napakò ang Pangako*, the poet expresses his intent to maintain a specific equivalence: just as Christ is the Gift of Promised Salvation—the Word made Flesh—Who had to experience the most cruel of tortures in order to save the world, so does language (the word) go through a similar violence in poetic construction, where its promise of fulfilling meaning is either delayed or overturned. The reader will find that Castillo is rather good at capitalizing on the unexpected.

The poetics of profound perception moreover seems to perfectly encapsulate Castillo's poetics. It is clear from reading the first few poems that Castillo channels his photographer-self into his poet-persona. He crafts his verses with the careful attention a visionary with a lens endows its subjects, aware of all the elements and able to capture as much meaning into a snapshot, weaving them completely into art. This keen sense of heightened awareness is hard to miss.

The poet's tools are secrets, silences, and the gaps in between, and Castillo capitalizes on all these. The persona in his poems is almost always the perfect observer: the sharp eye he lavishes upon his composition splices open the silences and renders the page as his own canvas.

In true testament of form and content, the shape of some poems invites the reader to pay close attention to the way the lines are printed on the page. The words matter as much as the spaces between them; we look at and listen to the whitespace between and around the letters. This is evident, for instance, in the poem "Sajid Bulig," a wave-shaped poem whose form reveals as much if not more than the verses.

With enjambments, the poet captures our attention with the suspended breath at the end of each line building up our anticipation for the next one. There is a perfunctory tone understating the depth of emotion undercutting the current of feeling and you don't realize it until you get to the last line.

There is a rawness of emotion he reveals by immersing us in the core of it. This unencumbered take on transference of emotion from author to reader succeeds in holding up a mirror to ourselves after he surveys his surroundings to make us experience the splintered emotion that birthed poetic insight.

For the poet, the social is undeniably personal: the persona starts by surveying his surroundings and ends with the self, and he invites and challenges us to look around us and see ourselves. Society is the mirror of identity, and the poet, by championing the power of the often-overlooked and glossed over, zooms in on truths we usually miss.

The scenes and issues the poet has chosen offer a cross-section of Philippine society: from scenes on the street (market scene, commuting life, billboards, cockfighting, evangelical missionaries, taong grasa), to showbiz and murder, to history, to domesticity (packing bags, sending letters, and lover's spats)—it's the little things you notice but take for granted that the poet pays attention to and capitalizes on in his poetry. References do not just lend specificity; they reveal who he is and locate his consciousness which does not intimidate, rather it entices readers to permeate it (his poetry is, too, light at first glance but surprisingly dense in emotion and insight).

What is most prominent however is the poet's penchant for spiritual imagery, and Catholicism is his wellspring of inspiration. His very syntax is Biblical: "paghawi ng dagat," "marami ang tinawag," "pagpako sa krus," "panata," which flesh out his issues of guilt, contemplation on the Creator and creation, and questions about not/finding God. Castillo balances references from lofty esoteric topics such as philosophy Theology and art with the mundane, the everyday tasks we take for granted, often to highlight the very insight the poet arrives at about the meaning of life and how to live it with a purpose.

His politics are drawn from the articulation of the quotidian, concerned with giving subjects deprived of the spotlight their own starring

role. The poet provides us glimpses of the quiet and fills in the synapses of moments.

The magic of Castillo's poetry, however, is that the issue is never really what it is at first read. The truth of the matter eludes the reader, but realizing what the point is becomes its own reward. Just when you thought you knew him, he then defies ALL these expectations. The perfect example of this is his award-winning poem "Rebisyon."

Castillo's intentional wordplay reveals the multilayered level on which his poems operate: significance is never just one thing, and with Castillo, the surface is never what you're going to get. Even the titles are surprises, letting you get the meaning only after you've finished the poem and the connection between the head and the body becomes more explicit.

One does not only look at the poems, however; to read Castillo is to also listen to him. His attention to form and detail expands to that of musicality in his cadence, and his verses revolve around their own lyricality of the unnoticed that he brings to the fore. And to arrive at this revelation, the reader must succumb to the power of the unsaid.

In the end, the title says it all: One word is not going to be enough for the brilliant perception that pervades the verses. Without a doubt, the poet trusts his politics to give his word to beauty, and that is what each piece offers. #

Work cited:

Reichardt, Mary R. *Exploring Catholic Literature*. E-book ed., Rowman and Littlefield. 2003.

# PANIMULA

Nabuo ang pasiya kong bumuo ng kalipunan ng mga tula na iinog sa tema ng pagpapakò matapos mapanood sa unang pagkakataon ang mga namamanata ng San Pedro Cutud. Napauwi ako sa Pampanga nang sumapit ang Semana Santa para tunghayan ang pagpapakò tuwing Biyernes Santo sa kagustuhang maunawaan ang sinabi ni Dr. Florentino Hornedo sa klase. Hinggil sa pagpepenitensiya ang naging paksa ng panayam, at dahil dito, naalala ko ang magkakaibang anyo ng pagpapahirap sa sarili na dati ko nang napanood habang lumalaki sa probinsiya. Subalit kamakailan ko lámang nakita ang matagal na paláng tradisyon ng pagpapakò. Nag-iwan ng marka sa isip ko ang imahen ng mga katawang inilagay sa naglalakihang mga krus.

Ninais kong maisulat ang karanasan ko sa panonood, ang nadarama ng ipinapakò, at ang mga posibleng kuwento sa likod ng mga nakita ko noong araw na iyon. Ngunit alam kong hindi magiging sapat kung doon ko lámang itutuon ang pansin. Alam kong kailangan pang laliman ang panggagalingan ng mga tula at mas matalas ang pandama ng nais na ihayag. Kayâ minarapat kong balikán ang pinanggalingan ng ganitong uri ng penitensiya—ang krusipiksiyon ni Kristo. Sa pagbubuo ko ng magiging konsepto, bumalik sa akin ang magkakahalang mga aral na natatandaan ko mula sa mga asignaturang Religious Education at kung paano ito makatutulong sa iniisip na tema ng mga tula.

Mula rito, nanumbalik sa akin ang pagiging bigay na pangako ni Hesus, ngunit ang pangakong ito rin ang ipinakò ng mga sundalo. At napag-isipan kong laruin ang idyomang “napakòng pangako” bílang lunsaran ng tema ng buong kalipunan. Sa paglikha ng bawat tula, kinailangang maipakita

paanong ang pangako ay napapakò at kung ito ay tuluyang hindi natutupad nang dahil sa kinahinatnang karahasan.

## ANG METAPORA NG PANDARAHAS SA KATAWAN

May dalawang bahagi ang pag-aaral na ito. Sa unang bahagi, nilalayon nito na kritikal na talakayin na ang pangako ay napapakò sa tula. Ipinapanukala rin ang pagtutumbas kay Kristo na dakilang pangako sa tao, at kung paanong ang marahas na pinagdaanan Niya sa krusipiksiyon bílang Manunubos ay pinagdaraan din ng salita sa tula kayâ nababaligtad ang daláing katuparan nito. Ihahanay at ipaliliwanag ang tatlong pangakong iniwan ni Hesus at ipinapanukala naman na mga magkakaibang anyo ng pangakong napapakò sa tula: 1) Pagkaligaw—paghahatid tungò sa maling direksiyon sa akda; 2) Kasinungalingan—ang katotohanang sinasalungat sa tula; at 3) Karimlan—ang kawalan ng liwanag at kamatayan ng kahulugan. Kalipunan ng apatnapung tulang Filipino ang ikalawang bahagi na papangkatin batay sa tatlong pangakong tinutukoy sa unang bahagi.

Sa ganitong paraan sisikaping tugunan ng papel na ito ang mga sumusunod na tanong na inihaharap ni Hornedo sa kaniyang *The Favor of the Gods* (2001) hinggil sa penitensiya, lalo na ang pagpapakò sa krus:

1. Paano mamamalas sa mga tula sa kalipunan na ang masuliraning kalagayan ng nagpepenitensiya ang sanhi ng pagpapatúloy ng panata?
2. Paano napananatili ang paulit-ulit na penitensiya sa loob ng tula gayong tinitingnan ito bilang paglabag na pandadahas sa sarili?
3. Paanong ang krusipiksiyon na anyo ng karahasan sa katawan ay naitutumbas upang maging metapora sa koleksiyon ng tula?

## PAGBANAAG SA LIWANAG NG TULA

Ang gawain ng makata hinggil sa pangakong napakò sa tula ay makapagpapabago sa pananaw sa mga gaya kong nagsusulat ng tula. Ipakikita nito na hindi madali ang pagpapaunawa sa nilalaman ng tula; at sa kabiláng bandá, hinihiling din nito mula sa nagsusulat ang pagbubuhos ng sapat na panahon at malalim na pag-iisip upang makalikha ng makabuluhang akda. Taliwas ito sa inaakalang nagpapakahirap ang manunulat para sa walang kuwentang gawain. Tinitingnan ang pagpapakò sa krus na isang freakshow ng mga masokista. Naroon lámang ang mga nanonood para pagpistahan ang nakahandang karahasan. Ang ilan, nagtataas ng kilay, kumukunot ang noo, at nandidiri sa nakikita. Ngunit may nagdududa rin kung totoong nasasaktan ang ipinapakò. Ayon sa ilan, hindi na nakararamdam ng sakít ang mga Kristo dahil sanay na sa matagal na pagpapakò. Ganito rin ang pagtingin sa makatang tulad ko. Hindi madaling nauunawaan ng mga bago kong nakikilala sa simula tuwing nalalaman nilang pagbabasá at pagsusulat ng tula ang pinagkakaabalahan ko. Ang dahilan nila, napakadaling gawain nito at parang maaaring tumula ang kahit sino.

Nararapat na bigyang halaga ang tula na mula sa kritikal at malikhaing pag-iisip ng makata dahil nilalaman nito ang mga katotohanan sa lipunan. Makapagdudulot ito ng pagtangkilik mula sa mambabasá upang tingnan ang akda na parehong likha ng sining at nakapag-aambag ng orihinal na kaisipan. Habang ang mga hindi lubog sa panitikan, may mga prehuwisyo hinggil sa tula at sa makata. Halimbawa, ang mga akdang naisusulat ay produkto lámang ng madalas na pagtingin sa malayò ng manunulat; nakikita na tamad at walang pakinabang ang mga manunulat kayâ wala ring pakinabang maging ang mga inilalathalang akda.

Sa panitikan, ang makata at kritiko ang naglalaan ng panahon upang seryosohin ang gawain ng isa't isa. Ang manunulat ang umaaral at nagbibigay

halaga sa kontribusyon ng kapuwa niya manunulat. Ginagampanan ng manunulat ang pagiging guro, kritiko, at tagasalin ng ibang akda.

Makatutulong din ang pag-aaral na ito na pag-ugnayin ang relihiyon at panitikan lalo na sa pag-unawa sa tula. Ngunit laging may epekto ang hulí sa una kayâ hindi ito tuwirang napaghihiwalay, ayon kay T.S. Eliot sa "Religion and Literature" (1966). Binigay niyang analohiya ang proseso ng pagkain upang ihambing ito sa pagbabasá ng akda, hindi napaghihiwalay ang intensiyon ng may akda, sa paniniwala man o estetika ng mambabasá. Dagdag niya:

The author of a work of imagination is trying to affect us wholly, as human beings, whether he knows it or not; and we are affected by it, as human beings, whether we intend it to be or not.<sup>1</sup>

Sa madaling sabi, nagdudulot ng pag-unlad sa nagbabasá ang anumang produkto ng panitikan. Nakadadagdag at nakapagbabago ito ng perspektibang moral gayong hindi ito ang nilayon ng parehong may-akda at ng mambabasá. Ang pagkasangkapan sa relihiyon upang lalong magagap ang likha ng literatura ang sinusubok na mapaghabi ni Ophelia Alcantara-Dimalanta sa sanaysay na "Literature and Religion" (2012) na naging paksa niya minsan sa kurso naming Literary Criticism:

I start with the idea that all literature...is essentially related to religion. It is finally a quest for the meaning and justification of life and is always an attempt to see things in a different light.<sup>2</sup>

Kung kayát maiugnay pa rin sa relihiyon ang pagtingin sa lahat ng naisulat na at isusulat pa lámang na mga tula sa hinaharap. Ang paggalugad



ng mambabasá ang nagtuturo sa kaniya upang makita ang bukal ng pagkamalikhain ng manunulat.

Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, maliliwanagan ang sinumang nagnanais na makita kung paanong sa tula, ang pangakong tila napakò lámang ay nananatili na ganoong kondisyon. At sa halip na matupad agad, lalo pang naaantala ang kalagayan ng táong tatanggap nito.

## ANG BASBAS NG KRUS AT PANITIKAN

Sa paglikha ng koleksiyon ng tula, kinaharap ko ang ilang mahahalagang batayan ng pagkasulat ng mga akda na bumubuo sa kalipunan. Mahalagang alamin kung paano napapakò ang pangako sa tula. Ito ang sinisikap talakayin nitong pag-aaral upang mabigyang linaw din paanong naitutumbas para maging metapora sa pagsusulat ang karahasan sa katawan sa pamamagitan ng krusipiksiyon. Sa huli, maipamalas kung nakalalaya ba ang salita sa pagkapakò at kung natutupad sa wakas ang pangako.

Gaya ng nabanggit ko sa simula, ang krus para sa akin, ay tumatayo lámang na tagapagpaalala ng iniwang pangakong kaligtasan. Subalit sa tagal ng paghihintay na matupad ito, nagiging paalala na ito na walang mangyayari kung mananatiling naghihintay ang tao sa isang bagay na hindi mangyayari. Sa halip na itumbas ang krus sa magandang pangako, itinutumbas na ito sa kawalan ng katuparan. Ang pinagmumulang Katolikong perspektiba sa pagsusulat ang dahilan kung bakit minarapat kong gamitin ang pagtula na pagpapahayag ng moral na pananaw. Magagawa ito kung iiwasan ang inilalarawan ni Dimalanta nang ipaalala niyang “this does not mean that literature, poetry in particular is meant to preach morality”<sup>3</sup> sapagkat magbubunga lámang ito ng lubhang didaktikong akda.

Nangangahulugan ito na hindi hinihingi sa lahat ng pagkakataon ang paksain ang relihiyon at lalong-lalo ang mangaral, sapagkat tiyak na

maunawaan ang hindi tuwirang sinasabi sa tula. Anuman ang mga salita at paraang pinili ng manunulat para ihayag ito, nagkakaroon ito ng epekto sa makababása dahil ayon kay T.S. Eliot:

The author, whatever his conscious intentions in writing, in practice recognizes no such distinction. The author of a work of imagination is trying to affect us wholly, as human beings...<sup>4</sup>

Kung gayon, hindi dapat alalahanin kung ang isusulat ay para sa nagbabasá bílang pag-aaliw o para sa nagbabasá para punan ang paniniwala, sapagkat ang dalawang ito ay iisa kapag naitawid na ang nilalaman. Nagiging posible ito dahil nagkakásundô ang relihiyon at ang panitikan na maapektuhan ang pag-uugali ng tao. Aniya:

Our religion imposes our ethics, our judgement and criticism of ourselves, and our behavior towards our fellow men. That fiction that we read affects our behavior towards our fellow men, affects our patterns of ourselves. When we read of humans behaving in certain ways, with the approval of the author, who gives benediction to this behavior by his attitude towards the result of the behavior arranged by himself, we can be influenced towards behaving the same way.<sup>5</sup>

Gaya ng kuwento, ang nilalaman ng tula ay may kakayahang bumalikwas sa tanggap nang moralidad ng tao at maipatanggap ang isang bágong katotohan kung kapani-paniwala ito. Ngunit kung ang pagtula ay naglalarawan ng makatotohanang karimlan ng buhay, hindi rin ito nangangahulugan na may kakulangan sa moralidad ang inakda.

Para kay Dimalanta, ang teolohiya ay hindi basta na lámang ipinaliliwanag sa panitikan, bagkus, ito ay dapat inilalagay sa sitwasyong maipauunawa at maipadarama ang kahulugan. At bílang makata, mahalaga ang kakayahang ito na kumatha ng mga pangyayari na magiging lunan ng mensahe. Kung kinakailangan, ang manunulat ay maglalarawan ng isang mundong tinanggalan ng pag-asa, na ayon kay Dimalanta ay paraan para humulagpos ang makata. Dagdag niya:

We discover that even the most despondent writers have wrenched from a seemingly hostile universe some sense, some abiding dream, even courage that outlives death simply because he writes about man.<sup>6</sup>

Ang patúloy na paglusong ng tula sa danas ng tao, kahit masalimuot, ang tumutúlak sa akin bílang makata para taluntunin at ipamalas sa sariling koleksiyon ang natitirang mabuti. Kahit marahas ang krusipiksiyon, nangingibabaw sa pagtula na hindi lámang ito pagpaksa sa Katolisismo o relihiyon; sa halip, paghahayag ito ng pamantayan ko sa kinasasangkutanang lipunan.

## SILÁNG MGA NAUNANG NAGPAKO

Maraming kahulugan ang iniuugnay natin sa krus kayâ sa Filipinas, ang itinuturing na pinakamalaking bansang Katoliko sa buong Asia, malaki ang ginagampanan ng krus. Naisulat na sa mga tula ang ilang sa mga kahulugang ito. Ilang makata na ang minalas ang imahen ng krus. Mula sa *Passion* (1704) ni Aquino de Belen at *Memorial* (1605) ni Francisco de San Jose, maraming makata ang isinulat ang kani-kanilang pagtingin sa krus at maging ng krusipiksiyon.

Sa mga kontemporaneong makatang sumusulat sa Filipino, nagpamalas ng ganitong pagpapakò sa krus sa kanilang mga tula sina Teo S. Baylen sa *Tinig ng Darating* (2001), Albert Alejo sa *Sanayan Lang Ang Pagpatay* (1993), Rio Alma sa *Sonetos Postumos* (2004), at Allan Popa sa *Maaari* (2004). Sa mga kalipunang ito, tinalakay at ginamit ang imahen ng krusipiksiyon at iba pang anyo nito sa mga tula. May mga pagpapakò sa mga akdang gagamiting halimbawa na maaaring tuwiran o hindi tuwirang nagpapakita ng pagkasira ng tao upang maging tuluyan ang pagkalkha. Mababása sa mga tula nila ang simula ng pagkasira túngo sa muling pagkabuo ng kahulugan.

Kauna-unahang mababalikang tula na isinulat sa Tagalog na kumasangkapan sa krus at lalo ng pagpapakò ang Mahal na Passion ni Jesu Christong Panginoon Natin ni Gaspar Aquino de Belen. Dahil sa krusipiksiyon ang itinatanghal ng mahabang tula, umuulit ang pagbanggit sa krus sa loob ng 980 sakhong. Bagaman nakakalat sa buong akda at magkakaiba ang paraan ng pagbanggit, nangingibabaw ang iilang kahulugan dito. May higit pa sa pagiging bestibulo ng Romanong pagpaparusa ang gámit sa krus na Katolikong paksa ng tula. Narito ang ilang sakhong:

O lagda nang manga Santos  
Anac co,t Anac nang Dios,  
icaò bagay aling boctot  
alìng salaring poyapos  
ipapaco ca sa Cruz:<sup>7</sup>

Uala rin ngang nabalisang  
Ongmalalay sa caniya,  
ilìnacad na,t binata  
ang Cruz na dinarala  
sin bi-at nang atìng sala.<sup>8</sup>

Sa magkahiwalay na bahagi, mawawaring may naiilang ang mga tauhan sa harap ng krus na pasan. Sa sariling Ina Niya nagmula ang pagtataka sa unang sakong kung talaga bang nakagawa ng mali ang supling na para bang hindi ito dapat nangyari. Mahihiwatigang may negatibong pagtingin sa sinumang may pasan ng krus dahil nagdadala ito ng kahihyan. Ganito rin marahil ang dahilan kayâ walang ibang nagnanais pasanín ito sa takot na maugnay o mapagkamalang siláng kriminal. Masdan din ang paglalarawan sa ipinapakò sa krus:

Ang cataoa,y nahahalang  
Sa Cruz, nahahandosay,  
dangan ng quinaaauan,  
paran hayop na pinatay,  
di quinahihinayangan.<sup>9</sup>

Aakaling karaniwang kruspiksiyon lámang ang nilalaman ng saknong na ito at ang pagkahabag ng mga nakatunghay sa karahasan ay mistulang totoong reaksiyon. Kung hindi sa pagkukumpara kay Hesus sa isang hayop na pinaslang, mababawasan ang pagkasindak sa mambabasa. Ang pagpapamalas na ito ang bumabali sa tinitingnang banal na artikulo ng Katolisismo para ibalik dito ang dáting kahulugan. At para lalong ibaón ang kahihyan sa mga naunang bahagi, mababása sa sunod na mga saknong ang tinatanggap ng mga nakapakò.

Si Christo,y nang napapaco  
Inooroy, binibiro,  
sa Cruz pinagsiphayo,  
pagmomora,y ualan tino,  
naglabi,t, nagngosongoso.<sup>10</sup>

Yayang ang iyong pabantog,  
ang Messias ca,t ang Christos  
anitong honghang na loob  
Salvum fac temetipsum & nos  
Magcalag tayo sa Cruz.<sup>11</sup>

Hindi pa sapat ang daláng sákit at pagkapahiya, at para idiin lalo ang táong nandito, ang krus ay pook din upang walang kalaban-labang asintahin ng insulto ng mga mamamayan. Maging sa mga kasabay na ipinako’y walang ligtas mula sa pang-uuyam.

Ang isa pang matandang akdang gumagamit ng krus bílang imahen ay ang *Memorial de la Vida Christiana* ni Fray Francisco Blancas de San Jose. Malaki ang pagtanaw na ibinibigay sa Santa Cruz kayâ marami ang itinumbas na paglalarawan para pagpugayan ang bisa at galíng nito nang iligtas ni Hesus ang sangkatauhan. Itinuring ang krus dito na makapaglalapit sa tao sa langit gaya ng susing nagbukas sa pinto nito, at hagdan at tulay para marating ang kaitaasan. Iniuugnay rin sa krus na ito ang pagiging buháy na kahoy na may kakaangyahang magbunga ng halamang nakagiginahawa. At ito rin ay marikit na rurok sa nagbabalik sa Diyos dahil isa itong mutyang inaabot upang magpakabuti. Narito ang bahagi ng tula:

O Diablong manunuboc  
ang dilang aral mo,y buctot,  
houag cang sumoc sumoc,  
cami,y hindi natatacot  
At ang aming tinotongcod  
ang sandatang Santa Cruz,  
pinagpacoan cay Jesus,  
(na sa tauo, ay tumubos).<sup>12</sup>

Katambal ng ganitong pagpapamalas ng kabutihang dulot ng krus sa nananalig ang pagbabantang gamítin ito upang maging armas laban sa panig ng masásamá. Pinatutungkulan nga rito ang Diablong tatapatan lámang kung kinakailangan ng pinagpakuang krus. Bukod pa, ito ay sinasabing maguiguig tanda cang matibay nang bagsic niya sa paghohocom sa lahat.<sup>13</sup> Kayâ ang dalawang mukhang inihaharap ng Memorial hinggil sa krus ay ang pamamagitan nito sa tunggalian ng mabuti at masamá nang mapuksa sa wakas ang huli.

Para sa makatang pastor mulang Cavite, ang pag-akda hinggil sa mga paksang may kinalaman sa relihiyon ang tinangka at matagumpay na napagsama sa kaniyang búhay bílang manlilikha ng sining at alagad ng Diyos. Sa kalipunan niya, makikitang pinaksa ang krusipiksiyon sa “Tatlong Kurus sa Golgota”. At dito, binalikan ng makata ang sandaling nakikipag-usap ang nakapakòng Hesus sa dalawang magnanakaw sa magkábilang panig Niya. Ibinuod ng makata sa isang saknong na awit ang pag-uusap ng dalawang magnanakaw at ni Hesus:

Ikaw, ako’t Siya ang kurus sa Bundok,  
Isa’y nanlilibak, nanunumpang lubos;  
Isa’y nagtitikang matapat at taos,  
At nagpapatawad ang Ikatlong Kurus!<sup>14</sup>

Tanging mga krus ang tauhang ginamit sa tula. Sa pamamagitan nito, inilipat ng persona ang mga katauhan ng Ikaw, ako’t Siya—sina Gestas, Dimas, at Kristo – sa lugar ng tatlong nakatulos na krus. Ang buong tula ay paglalarawan ng magkakataliwas nilang mga katangian, lalo nang dalawang nása gilid kung ihahambing sa katangian ng nása gitna. Kayâ naman, kinakatawan ng mga krus ni Baylen ang parehong nagkasála at tagapagpatawad.

Samantala, nagawang pagsamahin ni Baylen ang persona ni Kristo at ng naghihingalong mundo sa “Magbahag ka’t muling Maglungga sa Ilang”. Dito, naglalabas ng hinanakit ang persona sa patúloy na pagtitiis sa pananakit ng tao sa Kaniya at waring ipinaaalala niya sa tao na nagmula siya sa lupa, na nagmula ang tao sa Kaniya.

Buhat nang ang Ede’y ipinid sa ‘yo  
Ay tiniis ko nang sugatan mo ako;  
Binata ko iyan pagkat ang totoo  
Ay galing sa akin ang kabuuan mo.  
...  
Nang sa Halamanan ay nagkasala ka,  
Mabigat na kurus ang naging halaga;  
Maligtas ka lamang ay aking binata  
Ang sugat sa noon ng aking Golgota.<sup>15</sup>

Hanggang umábot na sa pagbabalik-tanaw ng persona kung paano nagsimula ang paninira ng tao sa kaniyang kalikasán. Ang sagradong hardin ang naging tagpo ng unang pagkakasála at ito ang nagdulot upang muling magtiis at gawin ng persona ang dakilang pagpapakasakit para sagipin ang tao. Sa huli, ang mga taludtod na Kung ito sa iyo’y siyang kabihasanan, / Magbahag ka’t muling maglungga sa ilang ay tila ibinigay na ng persona ang kaniyang pasiyang matutong muli ng pagpapahalaga ng tao sa mga likha Niya at magbalik sa kanilang pinagmulan.

Sa tulang “Bawat Hukay”, gámit ang anyong dalit, nagawang ilarawan ang maikling transisyon mula sa mundo ng mga buháy patungò sa bágong lupain. Naaangkop ang kaniyang pagpili sa maikling anyo para sa piniling paksa.



Bawat hukay, bawat libing  
Ay isa lang pintong bukas,  
Na patungo sa lupaing  
Maligaya't walang wakas.<sup>16</sup>

Gaya sa krus, ang kamatayan dito ay nagsisilbing isang pagkakataon upang makalaya. Kung ang pagkamatay nang dahil sa pagkakapakò ang magdadala kay Kristo sa Kaniyang muling pagkabuhay, ang pagharap ng tao sa kaniyang sariling pagyao naman ang magdadala sa kaniya sa isang búhay na naghihintay sa kabiláng panig ng pintong bukas. Kung bagá, ang dalit na ito ay isang paanyaya na tanggapin at harapin nang walang tákot ang kaniyang paglisan sa mundo.

Sa pagtula, inilalagay ng persona ni Baylen ang sarili sa sitwasyong walang káyang gawin liban ang makiusap sa nakikinig sa o nagbabasá ng akda. Sa kalagayang ito, naipakikita sa tula ang pagkapakò ng nagsasalita sa akda at nakatutulong ito para ipamulat ang kinakaharap ng tao sa “Tinig ng Darating.”

Ang guniguni mo'y paglaktayin doon  
Sa madugong landas ng ating dantaon;  
Masasalubong mo ang isang panahon  
Na pumaparitong dala'y ilang tanong:

— Ito ba ang lupang aking aangkinin  
Na tira-tirahan ang apoy at talim?  
Ito ba ang manang aking bubungkalin  
Na sambuntong abo at nagngangang libing?

— Ito ba ang mundong hinila kung saan  
Ng Gulong ng iyong hidwaang Kaunlaran?

Ito ba ang bunga ng Sining mo't Agham?

Ito ba ang aking manang Kalinangan?<sup>17</sup>

Isang tahimik na pagtuligsa sa kinahihinatnan ng mundo at ng lipunan ang tula. Sa halip na magalit at mangaral, kinasangkapan ni Baylen ang mga tanong ng isang tinig mulang hinaharap upang timbangin ng tao kung ito ang mundong nais niyang maging bahagi. Ito ang pagpipilian o hahayaang datnan ng darating sa panahong hinog na ang pagkawasak nito.

Habang ang pagsunod sa daang maghahatid sa búhay na walang-hanggan ang paksa ng “Via, Veritas, Vita.” Sa pagsisimula ng tula, nagawang pagpalit-palitin ni Baylen ang mga salitang Daan, Katotohanan, at Búhay na salin ng pamagat ng akda upang itumbas sa kausap na Ikaw. At ang lahat ng itumbas niyang salita ay naging katanggap-tanggap at naaayon sa kausap.

Ikaw ay katotohanan.

Kung gayon...

Ikaw ang daan ng katotohanan

At daan ng buhay;

Ang katotohanan ng daan

At katotohanan ng buhay,

Ang buhay ng daan

At buhay ng katotohanan.

A, ikaw na nga

Ang walang-hanggan

Daan ng katotohanan ng buhay

Na hinahanap ko.<sup>18</sup>

Ang Daan, Katotohanan, at Búhay ang tatlong ibinigay na pangako ni Kristo bago ang Kaniyang Pasyon at kamatayan sa krus. At batay sa pangungusap ng persona sa Ikaw sa tula, nangangahulugan ito na napagtagumpayan ng Tagapagligtas ang kamatayang waring kaharap ng nagsasalita sa tula. Mahihiwatigang sa sandaling mawari ng persona na natagupuan na niya ang hinahanap ay ang sandaling nagsisimula na ang panliligtas.

Samantala, imbitasyon ang gámit ng krus sa koleksiyong *Sanayan Lang ang Pagpatay* ni Alejo na nagbubukas sa maagang pagpapakilala ng Bathala sa persona ng “Tampo.” Mula rito’y matatanaw ang krus sa ibang tula hindi bílang husgado o kamatayan, kundi, isang matahimik na paraan ng pagbubulay sa gitna man ng lungsod o ng gubat. Tingnan ang huling bahagi ng “Tatlong Mukha ng Nakapanlilikhang Pagkawala:”

patingala kong tinitigan  
ang kadiyusang sa krus ay nakabayubay  
pailag pang sinusuri  
ang pag-ibig na balitang di mawari  
ngunit sa isang sandali...  
sa akin na siya nakatitig  
hinihila akong payakap gayong nakapako ang bisig  
batubalani ng hari hindi maaaring hindi!  
sino kang mangingibig...  
nag-aanyang umibig...  
nagbibigay lakas na umibig...?<sup>19</sup>

Ang pagdidili ng persona sa unang dalawang bahagi ay nakapagpapalikot sa isip hinggil sa tubig at sa trapiko habang ang krusipiho naman ang napagbalingan nang may pagdududa. Sa pagkilatis na ito, waring siya na ang tinititigan at sa ganoon mapatanggap ang isa’t isa at tuluyang yakapin ang

nakabulaylay na Diyos. Pero sa “Pasang-Krus,” ang pagtawag na ginagawa ng krus ay may kakambal na sakripisyo sapagkat pinatutuklas na hindi basta papasok na lámang at yayakapin ito dahil baká bitawan lámang kailanman gustuhin. Ito ang unang saknong ng soneto:

May nunal ka, Benny, sa iyong balikat.  
Iyan ba ay pasa ng pinapasang krus  
O latay ng akbay ng isang uring D’yos  
Na kung nanlulunas, S’ya ring nansusugat?  
Iyan ba’y parusa o pabuyang sukat  
Sa iyong nagawa, sadya man o halos  
Sinadya kung gayo’y dapat mong matalos  
Ay datapwa’t hindi! ‘Sang tanong ang lahat.<sup>20</sup>

Nagkakaroon ng paghamon hinggil sa halagahan ng kinakausap sa kaniyang pananatiling pasanin ang krus sa imahinasyon. May pagdududa pati sa palítan ng benepisyo at kawalan kung pipiliin ang maniwala. Ngunit mas kapansin-pansin ang mga ito’y tinanggap na kayâ waring patúloy ang sinasabing pagpasan kahit pa masugatan o magpasâ ang katawan sapagkat laging naroon ang lunas.

Mababása naman kay Rio Alma ang paglalaro sa konsepto ng panahon o sa likás na daloy ng búhay mula sa pagsilang ng tao hanggang sa humantong sa kaniyang kamatayan. Sa koleksiyong ito, hindi ikinakahon ang panahon sa iisang punto sa kasaysayan. Hindi huminto sa kamatayan, bagkus ay ginagamit itong lunsaran ng mga tula sa kalipunan. Nangingibabaw sa kabuuan ng aklat ang malikhaing paggamit ng may akda sa oras upang buksan at dalhin ang mámbabasa sa nakaraan, lalo na at mahahalagang pook sa relihiyon at kasaysayan ang pinag-uugatan ng mga tula.

Sa pagkasangkapan sa panahon, at sa pamamagitan ng may-akda, nagagawang magtagpo at mangusap sa loob ng tula ang mga naunang manunulat at mga dakilang iskolar. Dahil dito, nakalilikha ng mundo si Rio Alma, gaya sa tulang “Paran,” at dito, tila may alingawngaw ni Abadilla ang linyang Ito ang daigdig: Bato, bato, bato. / May Batis na patay. Ang igos ay baog, at inilantad ng persona na isang impiyernong nagpapanggap na paraiso palá ang kinalalagyan. At ang pagdanas sa lupit ng disyerto ay parusang maaaring bumawi sa kanilang búhay higit lalo sa presensiya ni Kamatayan. Kayâ walang sandaling maaaring maging kampante sa malawak na lupain ng buhangin.

Dahil sa banayad na mga magdamag,  
Ang kahit kaluskos ay nagpapasikdo:  
Alakdan? O karit? O bulong ng Diyos?

Kaya’t pag nabagot sa buhanging oras,  
kay sarap lumikha ng bagong imp’yerno  
at saka magtikang magpasan ng kurus.<sup>21</sup>

Ang hulíng taludtod ng soneto ay isang anyo ng pang-uuyam sa krus matapos na pagbalingan ng panahon ang pag-iisip sa konsepto ng pagkakaroon ng sariling impiyerno, na nililikha ng persona sa tula at maging sa iba pang tulang-pook na kabilang sa buong koleksiyon.

Inilarawan naman sa “Tiro” ang karangyaan ng bayang ito sa pamamagitan ng mga mamaháling palamuti tulad ng garing-tsina, ginto, manik, at rubi. Ngunit ang mga karangyaang ito, kung isusuot lámang sa santo, ay magsisilbing krus na pasánin din nito at nagiging pagpapahirap sa halip na maging pagbibigay-pugay sa kaniya.

Bagaman may rubing punla,  
Lamlam ang mata ng awa.  
Masdan, waring naluluha  
Para sa atin. O baka

Mistulang krus din ang bigat  
Ng ters'yopelo't pahiyas.<sup>22</sup>

Muli, naririto ang isang anyo ng pagtitika at pagpapasan ng sariling krus na tila pagpapahirap ang dinaranas sa kabila ng yaman na mayroon. Isang parikala kung ganoon ang mahihiwatigan sa akda at matatagpuang kahit na mapunô ng iba't ibang kayamanan ang suot, maaaring hindi ito magiging katanggap-tanggap sa mata ng santo at ito ang ikinalalamlam ng kaniyang mga mata. Nangingibabaw ang krus na marikit ngunit naghahatid ng paghihirap.

Gaya sa tinig ni Abadilla, umaalingawngaw sa epigrape ng tulang "Gennesaret" ang tinig ng deklarasyon ni Nietzsche na patay ang diyos. Bukod sa kamatayan Niya, iniuugnay din ng tula ang mga kapansanang taglay ng apat na pulubi ng San Roque sa Kaniya. Sa ganitong pagwasak sa wangis ng diyos, naibababa ang katayuan Niya at nagagawa ang pagbabaligtad sa hulíng saknong.

Nilikha ang diyos nang tuwid, mabigat  
Upang maging pilay, pipi, bingi't bulag  
Sa napakong palad ang api't pulubi.  
Kaya't kung sumayaw ang tanghaling tapat,  
Himala ba ito? O ulit at dagdag  
Sa alamat noong pista ng San Roque?<sup>23</sup>

Hindi ang diyos ang iniligay sa pagkakapakò kundi ang mga api't pulubi na hindi makaalis sa kanilang kalagayan. At habang patúloy sila sa paghihirap,

walang ginagawa ang Diyos para iangat ang kanilang estado dahil walang kahit anong uri ng pandama ang Panginoon para sa kanilang katayuan. Ito ang dahilan kayâ itinuturing nang patay ang Diyos, sa kawalan Niya ng aksiyon para sa mga nananalig sa Kaniya. At pagrerebelde laban sa Kaniya ang pagturing na tila walang diyos na makatutulong o makagagawa ng himala upang pagalingin ang mga natitipong may sakít. Ang mga lalang na pinananatili sa kalunos-lunos na kalagayan ang krusipiksiyong inilalarawan ng tula.

Pinagsasama sa tulang “Edom” ang mga elementong hinango mula sa magkakaibang akda gaya ng Florante at Laura, ang pagpapakain ni Hesus sa limang libong tao, at ang pagbuhay kay Lazaro upang mabuo ang konteksto ng pagsisinungaling, pagtataksil, at kamatayan.

O, pagsintang labis sa kapangyarihan!  
O, sakim sa puri, tagumpay, at luho!  
O, pihikang sukab at tumandang hangal!

Di sapat ang isda't tinapay ng mundo.  
Kahit na buhayin ang lahat ng patay,  
May ihahatid kang martir sa Kalbaryo.<sup>24</sup>

Sa pagtatagpo ng mga hindi magkakaugnay na mga bahagi sa tula, nabuo ang nais na ipahiwatig sa akda. Gaya sa likha ni Balagtas, nabulag ng pag-ibig ang kaharian at nagdulot ito ng digmaan sa pagitan ng mga mag-aama. At ang halagang kailangang pagbayarang kapalit nito, na hindi káyang tapatan ng isda't tinapay ng mundo, o kahit na buhayin ang lahat ng patay, ang magsasakripisyo ng kaniyang búhay para mahinto ang hidwaan at maging tagapagsagip.

Pinagsamang muli sa tula ang dalawang hindi nagpang-abot na mga tao sa akdang “Cana.” Pinapagsalita si Hesus at ang kinakausap ng persona

ay si Epicurus. Sa bungad ng tula, tila sinasabi ni Kristo upang ipaalám na kailangan na Niyang gawin ang hindi pa nakatak dang gawin. Ang Kaniyang ina ang dapat sanang kausap niya sa bahaging ito ng kasalan sa Cana ngunit inihalili rito si Epicurus na naniniwalang hindi binibiyayaan o pinarurusahan ng mga diyos ang tao sa mundo.

Epicurus, sumapit na ang oras ko.  
Naghihintay ang tapayan at ang madla  
Sa simula ng tutupdin kong antanda  
Pagharap ko sa hukumang Galileo.  
Ipinithong gigisingin ko ang mundo  
Sa liwanag ng dalisay na Salita...  
Ngunit bakit inusal din ng kandilang  
May kalbaryo ang sahig ng bawat templo?<sup>25</sup>

Maraming bagay ang nangyayari nang sabay-sabay bukod sa pagpapalit ng tubig patungòng alak, may mga nangyari na at mga mangyayari pa lámang na binabanggit ang persona ni Kristo sa tula. Naririyang ang tungkol sa hukumang Galileo, ang propesiya ng kadakilaan ni Hesus, at may higit pang malayò sa hinaharap gaya ng pamamaril na tila hindi maaaring malaman ni Kristo ngunit binanggit Niya. Kung ang lahat nang ito ay ang magiging kapalit ng gagawin Niyang unang himala, isang klase ng pagkapakò ang pagnanais na magbalik, ang pagmamarapat Niyang balikan ang tagpo sa Cana, at ang paninimbang Niya sa maaaring kahihinatnan kung maging alak na ang tubig.

Pagtatangkang maabot ang imposible ang inilalahad ng *Maaari* ni Allan Popa gaya ng pilit inaabot ng maraming kamay / Ang kaniyang laylayan<sup>26</sup> dahil hindi nasasalat ang salita sa tulang “Si Kristo sa Impiyerno.” Nagpapatúloy ang mga tula rito na gawin ang hindi inaakalang magagawa para makalaya o makatakas lalo sa hadlang na nilikha ng kamatayang



nalalapit. Wakas man ang kahulugan ng krus sa libingan, naiigpawan ito ng monghe na pumanaw sa “Salmo.” Masdan ang hulíng sakhong:

Putting krus ang itinanim sa buhaghag  
na lupang pinagbaunan. Nakaukit dito  
ang payak niyang pangalan at petsa  
ng kamatayan. Katulad ng ibang  
kahanay, nakaharap sa silangan.

Sa bawat pagbagting ng alas-kuwatro  
ng madaling-araw, may bahagi siyang  
babangon sa pagkahimbing, tulad  
ng nakagawian. Kasabay ng iba,  
sasambitin: Panginoon, buksan mo  
ang aking mga labi at aawitan kita  
ng mga papuri. Dalanging muling  
sasalubong sa buhang-liwayway.<sup>27</sup>

Kahit pa inilibing at nakalagay na sa lupa ang krus na marka ng dulo ng búhay, ang metapisikal na pagpapatúloy sa nakasanayang gawain ang nagpapahiwatig ng pagtangi nitong yakapin ang pagkamatay. Ang krus dito ay hindi nagbabaón, bagkus, ito’y nakapagpapalaya, kahit panandalian. Ganito rin ang pinagdaanan ng Hesus sa “Tinatawag Minsan na Rosas ang Sugat sa Tagiliran ni Kristo.” Kahit wala nang katakas-takas sa pagkapakò, tila hindi pa rin tapos ang lahat. Tingnan ang ilang sakhong ng akda:

Kung tatanawin mula sa kalawakan,  
hinahatak niya ang sarili paitaas,  
tangan ang daigdig: isang larawan

ng paggagawad. Tulad ng rosas  
ng mapagmapuri sa kasukdulan  
ng pamumulaklak, nababanat

ang bukadkad niyang mga kamay.  
Isa itong pagtatapos ang huling  
pahayag sa rurok ng tagumpay.<sup>28</sup>

Sa bingit ng pagyao, ipinatatanaw ng hindi binabanggit na krus ang isang bágong paraan ng pagtunghay sa krusipiksiyon ni Kristo. Hindi ipinaalam ang paghihirap Niya mula sa sakít ng pagkaposisyon ng katawan, kundi dahil nagmumukhang naiaangat ang sarili at pansamantalang nakalaalaya.

Inihahanay at sinusundan ng aking pagtula ang makatang ginamit bílang mga akmang halimbawa ng pagtula hinggil sa krus o krusipiksiyon. Nagmumula sa mga akda at kalipunan ng tula ng mga makatang ito ang pagbubuo ko sa sariling konsepto ng tula na umiinog sa pagpapakò ng pangako at hindi lámang bílang paksa. Isama pa rito, dahil sa magkakaibang pagpapahalagang iniugnay sa krus sa mga akdang naisulat na at nalathala na sa Filipino, bumuo ako ng ideya kung paano ko magagamit at mapamamalas ang pagpapakò na tema ng kalipunan ng tula.

Iwinawangis ko ang krusipiksiyon sa proseso ng pagtula na umiiral sa sariling koleksiyon dahil sa ganitong paraan ng pagsulat, maitatanghal ang mga pangakong napakò kasáma ng salita. Upang maganap ang pagkasawi ng Daan, Katotohanan, at Liwanag, kinakailangang magkaroon din ng karahasan sa wika na nagmumula sa dahas na dinadanas sa ipinapakò sa krus. Ito ang proseso ng produksiyon ng tula. Sa ilalim ng 1) Krusipiksiyon, may iba pang elementong bumubuo sa pagpapakò sa salita. 2) Krus ang inihahawig sa Balangkas ng tula na paglalagyan ng salita. Ito ang hugis na magiging hulmahan ng binabanat na wika nang sa ganoon, may disenyong

sinusunod kapag inilalapat na sa lilikhaing akda. 3) Kristo ang wika na ilalagay at gagamitin sa pagtula. Hinahango ang batayang ito mula sa pagiging bigay na salita o pangako ni Hesus na nagkatawang-tao. Ang wika ang tatanggap ng dahas kapag ibinabalagbag na sa balangkas. 4) Pakò ang turing sa tayutay na tuluyang bumabaón sa wika para hindi na ito makatakas sa balangkas. Napananatili nito ang mga piniling salita dahil may espesipikong gámit o kahulugan ang salita. Gaya ng muling pagkabuhay ng Anak ng Diyos, ang krusipiksiyon ng salita ay sinusundan ng 5) Resureksiyon. Ito ang pag-igpaw ng wika sa karahasang ipinataw na nakapagpapabago rito't nagiging tula. Winawakasan ang dáting gámit ng salita upang taglayin ang bágong kahulugang tinanggap nang ito'y ipakò.

## PANUNUMBAS, PANUNUBOS

Ipinapanukala ko sa pag-aaral na ito na panatilihin ang pagtutumbas kay Hesus bílang pangakong nagkatawang-tao na ipinakò sa krus. Mula sa pagtutumbas na ito, hinahalaw ko naman ang pangakong ibinigay Niya sa mga disipulo na Siya ang Daan, Katotohanan, at Liwanag bílang tema ng aking mga tula. Bílang makata, nakikita at itinuturing ko ang tula na tagapagdala ng pangakong kaligtasan sa mambabasá at sa ganitong pagtanaw, ang mga tulang isinusulat ko ay naglalaman at pumapaksa sa paalala ng makakamtang kaligtasan matapos ang paghihirap na daranasin. Ang pamamaraang ito ang sinusundan kong pagbabalangkas sa koleksiyong binubuo.

Ginagamit kong saligan ang konsepto ng Mesiyas bílang napakòng pangako sa paglikha ng kalipunan ng mga tula dahil parehong marahas na napapakò ang dalawa. Sa pagsusulat, tinatanggap ng wika ang paghuhulmang kinakailangan upang ilahad nito ang naiiba at hindi inaasahang kahulugan. Sa ganitong paraan ng paglikha, sa pagiging marahas sa wika, maaaring makamit ng salita at ng tula ang rurok ng pagkalalang. Sinusundan nito ang

pahayag ni Rebecca T. Añonuevo sa *Talinghaga ng Gana* (2003) hinggil sa kaisahan ng katawan at kaluluwa:

Ang katawan ay kaluluwa, ang kaluluwa ay katawan. Ang iniinda ng katawan ay tumatagos sa kaluluwa, at ang idinadaing ng kaluluwa ay natatambad sa katawan...Ang katawan kung gayon ay isang talinghaga ng pinakamalalim at pinakadakila na nangyayari sa isang nilalang...Ganito ang Mabuting Balita sa atin ng pagkakatawang-tao ng Talinghaga ng mga talinghaga, si Hesus na kumakatawan sa ruok ng pag-ibig ng Diyos sa tao.<sup>29</sup>

Kung napapakò ang pangako sa akda, ang ipinakò naman noon ng mga sundalong Romano ay hindi lámang katawan, kundi Talinghaga, ang pinakamagandang Talinghaga. Kayâ, itinumtumbas ko sa krusipiksiyon ang paglikha ng tula na nagaganap sa pagwawangis sa ibang elemento ng nauna sa pagsusulat. Si Kristo na ibinigay na pangako ang wika o salita na ibinabalagbag sa Krus na balangkas ng binubuong akda. Para tulúyang manatili sa krus ang salita, ibinabaón ang Pakò na katumbas ng tayutay. Ito ang nagbibigay ng bágong kahulugan sa gámit ng wikang dinahas at lumilikha ng magandang talinghagang tutupad sa iniwang pangako sapagkat nabubuo ang tula sa wakas gaya sa Resureksiyon.

Sa pagsusulat ng mga tula, ang mga napapanood at sariling karanasan ko sa kinalakhang lalawigan ang ginagamit kong materyales para sa mga akda. Ang mga pagpapakò ng tao sa kaniyang sarili ay isang daang magpapalaya rin sa kaniya at kalaunan, ang magiging daan niya tungò sa kaligtasan. Sa paraang ito, naipamamalas sa mga akda ang paghihirap ng tao tuwing ang pangako ay waring hindi natutupad.

Samantala, sa pagbubuo ng koleksiyon, kinailangan kong humanap ng mga makatang may katulad na mga tula o kalipunan. At sa pagbabasá,

nakita ko ang ibang pagtingin sa krus at ang ilang anyo ng paninira at karahasan: ang pagbubuo at pagtutunaw, ang pagdideskaril at pagkakalat sa mga bahagi, at panunugat at pagtamo ng sugat. Kayâ sumusunod at inilulugar ko ang sariling koleksiyon ng tula sa hanay ng mga makatang binanggit sa pamamagitan ng pagpapakò at pagpapalaya ng wika at pangako.

## PAGSASALANSAN SA PANGAKO

Nahahati sa dalawang bahagi ang kabuuan ng pag-aaral. Ang Pangakong Napakò sa Tula ang unang bahagi at dito kritikal na tinatalakay kung paano nakikita sa tula ang napakòng pangako. Ipinapanukala ring pananatilihin ang pagtutumbas kay Kristo na pangakong ibinigay at ang marahas na pinagdaanan Niya sa krusipiksiyon bílang Manunubos ay pinagdaraanan din ng pangako sa tula kayâ nababaligtad ang daláng katuparan ng kahulugan nito. Tatlong anyo ng pangako ang natukoy na pinagdaraanan ng napakòng pangako sa mga tula sa koleksiyon: 1) Pagkaligaw—paghahatid tungò sa maling direksiyon sa akda; 2) Kasinungalingan—ang katotohanang sinasalungat sa tula; at 3) Karimlan—ang kawalan ng liwanag at kamatayan ng kahulugan.

Pag Napakò Ang Pangako naman ang pamagat ng kalipunan ng tula sa ikalawang bahagi. At sa pagsasaayos ng manuskrito, mapapansing nahahati sa tatlo ang buong koleksiyon: ang pagkawala gayong tinutunton ang wastong daan ang nilalaman ng Pagkaligaw; ang pagtanggap at pananangan sa inaakalang katotohanan ang itinatanghal sa Kasinungalingan; at pagpapasakop sa maraming anyo ng dilim at pagkawala ng búhay ang paksa ng Karimlan. Ibinatay ko sa tatlong ibinigay na pangako ang pagpapangkat sa mga tulang kabílang sa koleksiyon.



UNANG BAHAGI  
ANG PANGAKONG NAPAKÒ  
SA TULA





Mapalad akong maging mag-aaral ng kursong Literary Research and History ni Dr. Florentino Hornedo nang buksan ito isang summer term ng Gradwadong Paaralan ng UST. Sa isang klase, malayò ang narating ng isang panayam niya tungkol sa “paglikha.” Katatapos lámang noon ng Semana Santa. Tinukoy niya ang halaga ng paglikha sa katawan ng tao, na tuwirang sinisira o winawasak diumano ng nagpepenitensiya tuwing Kuwaresma. Pagdiriin ni Hornedo, karamihan sa mga ritwal ng pagpepenitensiya ay nagdudulot ng sakít sa katawan. Isa itong pagpapataw ng parusa (sa katawan) dahil sa mga nagawang pagkakamali (ng may katawan). At isinasagawa ito sa paniniwalang magiging daan ito upang muling mabuo ang pakikipag-ugnayan sa Diyos. Higit na malawak ang paliwanag niya sa kaniyang aklat na *The Favor of The Gods* (2001). Wika niya:

the restoration of favor with God consisted—especially in the folk mind—of “returning” the stolen pleasure by pagpapakasakit or real physical suffering. Thus, to somehow pay God the debt of illicit pleasures, one must magpenitensiya.<sup>30</sup>

Samakatwid, bayad-utang ito sa buong taon ng pagkakasála. At sa paparating na taon, makahihiling at makatatanggap pa rin ng biyaya.

Subalit, iginigiit ni Hornedo na lumalabag ito sa isa sa sampung utos ng Diyos: Huwag kang papatay. Kabílang ang sarili sa ipinagbabawal na kitlin. Maaaring maging bunga ng labis na pananakit sa katawan ang

kamatayan. Mahalaga ang katawan, aniya, sapagkat ito mismo ang daan patungòng langit. Walang pagkilos at paggawa kung wala ito at halimbawa nito ang pagtulong sa kapuwa. Tumatak sa isip ko: ganito nakasasálo ang tao sa paghihirap ni Hesus. Kayâ napaisip ako: Ang tagapagligtas ba ang sinasalúhan o sadyang sinasagip lámang ng sumasálo ang sarili?

Napabalik-tanaw ako sa panahong nakatirá pa ako sa San Fernando, Pampanga. Tuwing Biyernes Santo, maaga akong ginigising ni Kuya Manny, ang pinsan ko. Kahit pagod sa Bisita Iglesia nang sinundang araw, pumupunta kami sa Metropolitan Cathedral. Lagi kaming maaga para makahanap ng magandang pupuwestuhan. Mahirap maabútan ng pagtirik ng araw habang nanonood ng prusisyon ng mga namamanata. Sa gayong oras, makapal na ang dami ng mga táong nag-aabang para manood. May mga nakadipa sa may bangketa, may umaakyat sa mga island. Hindi na sinusunod ang batas-trapiko. Kahit saan, maaaring tumawid. Nawawalan ng silbi ang mga pangharang sa kalsada.

Bukás ang simbahan. Ngunit hindi agad nakapapasok ang sinuman dahil punong-punô ng mga nag-aabang ng prusisyon ang nabúbubungáng bahagi ng pintuan. Sumisiksik kami ng pinsan ko para makapasok sa loob at doon maghintay. Kapag nagkakaingay na sa labas, dagli kaming tumatayô at nakikipaggititan sa may pintuan upang silipin ang mga plahelante. Maliit ako kayâ madaling nakalulusot. Gumagawi ako sa may paradahan ng sasakyan. Sa bahaging may lilim ng punongkahoy ako nanonood.

Unang dumarating ang mga nagpapadugo ng likod. Hindi man agad natatanaw, dinig na dinig ko naman ang pagdating nila. Dahan-dahang lumalakas ang tunog—ang ritmo ng lagapak ng mga kahoy sa paghampas sa kanilang katawan. Nakapantalón at nakapaá lámang sila, natatakpan ang mukha ng itim na tela. Hawak nila sa isang kamay ang borilyos—pamalòng inihahampas nila sa kanilang likod. Salitan ang pagwawasiwas sa pamalò. Mabagal nilang nilalakad ang paradahan. Humihinto lámang pagdating sa

harapan ng simbahan. Ang mga nása harap ng pila, dumadapâ nang padipá kayâ nagmimistula siláng nakalatag na krus. Ang mga kasáma nila ang nagpapatúloy sa paghampas sa kanilang likod. Sa lapit na iyon, mas malakas na ang tunog na naririnig ko. Buo ang lagutok ng laman at buto sa pagtama ng borilyos. Subalit wala akong naririnig ni anumang pag-aray. Matapos ang ilang sandaling pagpalò, bumabangon sila. Kinukuha ang pamalò at muling hinahampas ang sarili. Mabagal na naglalakad papalayò, papalabas ng lote ng simbahan.

Noong unang beses na sumáma ako para manood, pumuwesto lámang kami sa tabi ng dalá naming sasakyang ipinarada mismo sa harapan ng simbahan. Walang ano-ano, nakaramdam ako ng wisik sa leeg. Hinanap ko agad kung may paring nagbebensyon ngunit sa braso naman ako sunod na nawisikan. Nagkataóng kalalampas lámang ng isang plahelante sa harapan namin. Pagtingin ko kung saan pa ako nawisikan, laking gúlat ko nang matagpuan ang mga mapupulang tuldok sa braso at sa pang-itaas ko. Wala akong daláng bimpo kaya't hinila ko ang laylayan ng suot na t-shirt hanggang napaábot at naipamunas ko sa leeg at braso. Natawa ang pinsan ko nang mapansin niya ang nangyari sa damit ko. Ipinaliwanag niya na bágong padugo ang lahat ng humihinto sa katedral kayâ malakas ang sirit ng dugong sumasáma sa pagwasiwas ng kanilang pamalò. Hindi man ako natilamsikan sa mukha, langhap ko pa rin ang lansa ng dugo. Gayunman ang nangyari, kinahiligan ko pa rin ang panonood ng mga namamanata.

Pagkatapos ng mga nagpapadugo, ang mga lalaking bihis Kristo na nagpapasan ng malalaking krus ang higit na inaabangan. Hindi gaya ng nauna, tahimik ang kanilang pagdating. Matagal-tagal siláng nakapapasok ngunit mula sa malayò, natatanaw ko na ang mga krus na hamak ang laki sa nagpapasan. Kapag lumalápit na, sakâ lámang lumilikha ng tunog ang pagkaladkad ng krus sa semento. Naaantala ang paghakbang ng mga paa sa pagbabalanse. Hawak ng isang kamay ang bahagi ng krus na pinapasan sa

balikat habang isinusuporta ang kabiláng kamay sa likod ng ulo. Bahagyang gumegewang ang paglalakad nila. Humihinto rin ang mga Kristo sa tapat ng simbahan. Itinutukod ang krus sa semento, panandaliang ipinahahawak sa umaalalay sa kanila. Agad siláng dumadapâng padipá. Ilang sandali, bumabangon at ipinagpapatúloy ang pagpapasan. Subalit hindi ko alam kung saan sila tumutungò pagkatapos. Hindi ko na inuusisa sa pinsan at sa tiya ko ang hinggil dito pagdating namin sa bahay dahil hindi rin naman talaga ako interesado.

Anim na taon akong nanirahan sa San Fernando, kasáma ng aking mga tiya. Nang kunin na ako ng tatay ko, ipinagpatúloy ko na ang pag-aaral sa Maynila. Ikatlong taon ko na sa hayskul nang mapanood sa telebisyon ang iba pang kagawian tuwing Semana Santa sa probinsiyang pinagmulan ko. Hindi ko pinaniwalaan ang balita na may tunay paláng ipinapakò sa krus, sa lugar na kung tawagin ay San Pedro Cutud sa San Fernando na aking kinalakhan. Sa sandaling iyon, nasagot ang tanong: saan pumupunta ang mga nagpapasan ng krus? Hindi binanggit sa balita ang lahat ng detalye ngunit bahagyang ipinasilip ang gumaganap na Kristo habang nakapakò. Naglabas pa ng dokumentaryo ang I-Witness tungkol dito na naglahad sa mga nangyayari tuwing pagpapakò. Mula sa paghahanda ng mga kasali, ang nangyayari sa senakulo, hanggang sa mga personal na búhay ng mga gumaganap na Kristo kapag walang palabas. Matapos kong matunghayan ito sa telebisyon, labis ang panghihinayang ko na ni minsan, hindi ako nakapanood sa Cutud. Kayâ nang marinig ko sa panayam ni Dr. Hornedo ang mga paliwanag niya, lalo kong ninais makauwi sa amin upang personal ko itong mapanood.

Kayâ nang sumunod na Semana Santa, taong 2014, bumalik ako sa Pampanga para sadyain ang panonood sa mga ipinapakò. Gaya ng dati, sinamahan ako ni Kuya Manny, ngunit hanggang sa bungad lámang palá siya. Itinuro niya paano ako makarating sa senakulo. May kahabaan ang kalsadang nilakad ko papasok ng Cutud. Pista ang Biyernes Santo kayâ punò

ng tao ang lugar at marami akong kasabay papunta sa pinagpapakuan. Sa magkabilang gilid ng daan, may mga nagtitinda ng makakain at maiinom, at naglalakò ng lobo at laruan. May mga naghanda ng pagkain at may nag-iinum. Sinundan ko ang mga tao hanggang marating ko ang dulo. Tila konsiyerto ang eksenang tumambad sa akin ang umpukan ng mga nanood. Nagkalat ang mga tolda ng mga paninda. Namigay ng flyers ang mga sponsors. Nakaparada ang mga trak ng mga himpilan ng telebisyon na tumututok sa senakulo. Sa gitna ng malawak na buhanginan, may maliit na buról—ang Golgotha na tanghalan. Sa ibaba, nakapaligid ang mga nanood. Naikot ko ang paligid ng buról sa kapal ng tao hanggang makahanap ng masisingitang puwesto.

Inabútan ko na lámang na nakapakò si Ruben Enaje, ang pangunahing Kristong nakapanayam ni Jay Taruc para sa dokumentaryo. Pagkalipas ng ilang minuto, ibinaba na siya ng mga kawal gámit ang puting telang ibinalot rin sa katawan niya. Ibinaba na rin ang dalawang gumanap na magnanakaw sa tabi niya. Sa likod ng mga krus, nakatayô ang mga sunod na ipapakò. Sa bílang ko, nása pito pa sila. Naghahandang tawagin. Wala siláng mga imik. Pinahiga na nila ang kasunod sa gitnang krus. Pinalibutan siya ng mga sundalong Romano. Sa layò at anggulo ng kinalalagyan ko, tanging kamay ng kristo at martilyo ang natanaw ko. Walang ingay na nalikha ang pagpukpok ng martilyo sa pakò. Nadismaya ako. Hindi ganoon ang inasahan ko. Sa halip, nahagap lámang ng tainga ko ang maikling hiyaw na nawala rin agad. Sumunod ang isa pang hiyaw. Naipakò na ang dalawang kamay at muling humiyaw ang namamanata nang itinatayô ang krus. Wala nang nakaharang kayâ natanaw ko ang pagtapat ng manipis na pakò sa paa. Bahagyang iniangat ang martilyo at sakâ hinampas ang pakò. Muling kumawala ang hiyaw. Hindi na itinuloy ang pagbaón gayong kalahati lámang ng pakò ang tumagos. Ganoon din ang ginawa sa kabilang paa. Sampung minuto ang ibinibigay sa Kristo bago sila ibaba at palitan. Hinintay kong maubos ang mga nakapila bago

nagpasiyang umalis. Pabalik sa kalsada, nakasalubong ko pa ang isang Kristo. Patúloy ang pagpapakò hanggang pumatak ang ikatlo ng hapon.

Papalabas, may nadaanan akong isang maliit na kapilya. Bukás ang pinto kayâ nasilip ko ang loob nang maglakad sa tapat nito. Isang babae lámang ang narongng umaawit sa Pabása. Naalala kong isa ang Pabása sa pinagdadalhan sa akin noong bata pa ako at kinahiligan ko ito dahil sa libreng pakain ng lugaw. Sa mga ganoong pagkakataon, dumadayo kami sa labas ng subdibisyon kung nais na makapakinig ng Pabása. Subalit nahihirapan akong sundan ang umaawit. Hindi ko rin nauunawaan ang mga titik dahil sa paraan ng pag-awit. Napakikinggan ko lámang ang biglang pagtaas-pagbaba ng tono ng umaawit. Inakala ko noong una, nagnúnguyngóy ang umaawit kayâ nakakatulugan ko ito. Inaamin ko, wala akong ideya noon sa nilalaman ng Pasyon. Higit na maláy na ang aking pagbabasá at pang-unawa nang binalikan ko ang orihinal na akda, ngunit ikinagulat ko ang nilalaman nito.

Kaibang-kaiba ang pagpapakòng inilarawan ni Gaspar Aquino de Belen sa *Mahal na Passion* (1704). Sa bahagi ng pagdating ni Hesus sa tuktok ng Kalbaryo, inalok Siyang uminom ng isang Romanong sundalong nagbúhos ng maasim na alak. Idinampi ito sa mga labi Niya. Sumipsip Siya nang kaunti at agad nalasahan ang nakahalongpait kayâ hindi na Niya itinuloy ang pag-inom. Batid ni Hesus na hindi ito pamatid uhaw bagaman tuyot na ang lalamunan sa haba ng pagpasan Niya sa krus. Alam na Niyang may inihalong mira sa alak. Maaari nitong maibsan ang sakít kayâ kakailanganin ito ng sinumang daraan sa pagpapakò. Tila alay pa nga ito ng mga sundalo upang mapawi ang sakít na kanilang ipinataw. Ngunit sa kamatayan Niya pa rin hahantong ang lahat kayâ pinili Niyang huwag ibsan ang uhaw. Buo ang pasiya Niyang tiisin ang pagbaòn ng mga pakò.

Ibinalagbag ng mga kawal ang duguang katawan Niya sa ibabaw ng krus. Inunat nila ang kaliwang braso at itinapat ang pakò sa palad. Hinampas ng martilyo ang pakò. Madaling bumaón ang malaking pakò sa laman maging

sa nakaabang na bútas ng kahoy. Sa isa pang hampas, tumagos na rin sa palad. Hinampas muli, hanggang umábot sa bútas ng paripá ng krus. Pamilyar sa akin ang kuwento ng Krusipiksiyon, ngunit walang nakapaghanda sa akin sa mga kasunod. Hindi ko inasahan ang mga paglalarawan ni Aquino de Belen. Mas nakahihindik nang ang kanang kamay na ang ipinakò. Gaya sa nauna, nakaabang na ang bútas sa kahoy para sa kanan. Subalit hindi mapaábot ang kamay ni Hesus dito. Sa halip na bumutas ng panibago, ito ang ginawa ng mga kawal:

Nang apat na malalacas,  
linalapac ang balicat,  
nagsipangorong ang ogat,  
litid ay nagsipangalag  
niyong canilang pagbatac.

Di isaman tinogotan,  
paghila,y di itinahan,  
hangan di doon bongmacam  
sa botas na nalalaan,  
at toloy nang pinacoan.<sup>31</sup>

Hindi nila itinuring na katawan ang ipinakò sa krus. Para sa kanila, kapisasong kahoy lámang si Hesus na idinugtong sa butas. Kayâ hinila rin nila ang kabiláng braso ayon sa kagustuhan nila hanggang maitapat sa bútas ang kanang kamay. Sapagkat tinamad nang sumukat muli ang mga sundalo, na mga karpinterong pulpol. Kayâ't minamadaling tapusin ang nakaatang na gawain. Dali-daling itinupi ang mga tuhod at pinagpatong ang dalawang paa Niya, at dito, ibinaón gámit ang iisang pakò lámang.

Ngunit hindi pa doon natapos ang pagpapakò. Binuhat nila sa isang bahagi ang krus. Itinayòng patagilid kasáma ang katawan ni Hesus at sakâ

binitawan para pataubin ang krus. Sa pagbagsak sa lupa, bumagsak din ang mukha ni Hesus sa alabok. Dumagan sa Kaniyang likod ang buong bigat ng krus. Pinigilan Niya ang sariling bigat habang nakabaligtad na waring hinihila Siya ng grabedad upang lumagos sa mga palad ang mga pakò. Hinampas muli ang mga pakò mula sa likod para maibaluktot ang mga dulo. Sinisigurong hindi basta matatanggal ang mga ito na tila may lakas pa para makatakas si Hesus. Patagilid na binuhat ang krus at pinabagsak muli sa lupa at sakà pa lámang ito itinulos ng mga sundalo sa buról.

Sa kagaya kong nagbasá sa *Mahal na Passion* sa unang pagkakataon, may paninindak ang pagkakalahad sa mga pangyayari gayong alam ko ang kuwento ng pagpapakò lalo sa bahaging sinipi. Hindi ko inasahang may ganitong bersiyon ng pagpapahirap kay Kristo. Tila higit na nakapanlulumo ang ginawang pagpapahirap sa Kaniya rito kung ihahambing sa mga natatandaan ko sa mga nabásang komiks sa Religious Education o sa mga pelikula hinggil sa búhay ni Hesus. Maging sa pelikula, sa madugong eksena sa direksiyon ni Mel Gibson, hindi ganito ang itinanghal.

Nagmumula ang ganitong uri ng pagpapamalas ng dahas sa tradisyon ng mga Pasyon lalo na sa Coplas de la Pasion ng Comendador Roman. Sa pagtuon sa madugong paghihirap, nagagawa ng akda na maipaharap sa mambabasá ang pagpapakasákit ni Kristo para sa kasalanan ng tao.<sup>32</sup> At ang paraang ito ng paglalarawan sa sariling akda ni Aquino de Belen ang sinunod niya lalo sa paggamit niya sa imahen ng krus bílang tanghalan ng pagsagip ni Hesus sa tao.

Samantala, sa bahaging “Passion De Nuestro Señor Jesu-Christo” sa *Sermones* (1640) ni Francisco Blancas de San Jose, ang krus na pinagpakuan kay Hesus ay may karugtong na tradisyon. Sa ginawang sariling paglalahad ni de San Jose sa kamatayan ni Kristo, hindi siya nagkulang sa pagpapaliwanag na ang gámit ng krus sa tradisyon ng mga Hudyo, lalo sa panahon ng mga Romano, ang nararapat na lugar upang parusahan ang mga nagkasalà. At ang



paghahatid sa pook na pagtitirikan ng krus ay laging nauulit sa tuwing may makasalanang papaslangin.

Sa sandaling papasanin na ni Hesus ang bigat ng Kaniyang krus, hindi nakaligtaan ni de San Jose na idagdag ang bahaging ito ng nakagawian ng mga tao sa panahon at pook na iyon.

Opan caogalian nilang dati na ang tauo ding ypapaco sa Cruz, ay siya ding magpasan ng Cruz na pagpapacoan sa caniya.<sup>33</sup>

Dahil intensiyon ng may-akda na gamítin ang mga sermon na ito upang maipaliwanag sa mga bágong binyag na Kristiyano ang kanilang tinanggap na pananampalataya, tiniyak ni de San Jose na mauunawaan ng mga tao ang karahasang nakapaloob sa krus at bakit kinailangang mamatay dito ng Tagapagligtas.

Habang sa akda niyang *Memorial de la Vida Christiana en Lengua Tagala* (1605), sa bahaging “Dan Alabanzas a la Cruz” na naglalaman ng mga papuri at panalangin para sa Mahal na Krus, magkakaiba ang pagpapahalagang itinawag at iniugnay ni de San Jose sa imahen ng Krus at may dalawang pagkilala sa Krus dito na pinakanangibabaw. Sa unang halimbawa, iniugnay ang krus sa araw ng paghuhukom ni Hesus at ito ay “maguiguing tanda cang matibay nang bagsic niya sa paghohocom sa lahat: at ikaw rin ang macaguiguinhauang tingnan nang mga Cristianos na banal.”<sup>34</sup> Hindi inaasahan na ang isang pagpapahalaga sa krus sa panahong iyon ay may kinalaman sa kakayahang magalit at maging mabagsik ni Kristo. Ang ikalawang paglalarawan naman ni de San Jose sa Krus ay bílang isang malaking púnong kahoy na namumunga para sa mga Kristiyano:

O Cahuy na mataas, at mayabong ang pagdarahon, at namonga nang matam-is na pinagcacaybiganan nang lahat

na Cristiano. Mabilang pa caya, o mahal na cahuy, ang manga bonga na sa iyo namin napaquinabang? Di alin cayang cagalingan namin, ang dili sa iyo rin nagmula? Ang pagcabanal man nang lahat na tauong banal, paguiguig tauo na nila, mag pahangan ngay on, at magpacailan man, ay bonga mo rin...<sup>35</sup>

Naiiba ang bahaging ito ng panalangin dahil inilipat niya sa krus ang katangian ng isang namumungang punò. Epektibo ang ganitong paglilipat dahil parehong kahoy ang dalawa. At dahil punò ang pagtingin sa krus, marami itong naibigay na kahilingan sa ikagagaling ng tao, sa sakít man o sa pagkakasalà niya.

Masasabi kong namulat ako sa relihiyosong pamilya habang lumalaki sa Pampanga. Sa kanila ko natutuhan ang maraming gawaing Katoliko. Ang pagsisimba linggo-linggo, ang pagdaraos nila ng prayer meeting bawat buwan sa bahay, at ang pagrorosaryo tuwing gabí kasáma ang buong pamilya. Ngunit hindi ko natutuhan mula sa kanila na ganito karahas ang pinagugatan ng pananampalatayang pinagbinyagan sa akin. Kayâ nang sumubok na akong magsulat ng tula pagtuntong ng kolehiyo, napatunayan kong malaki ang naging impluwensiya ng Katolisismo sa akin. Naging pangunahing bukal ko ang kinalakhang pananampalataya sa paghahanap ng magiging paksa. Lalong umigting ang paghamon ko sa sarili nang matanto kong may lunang mababalikang mayaman sa tradisyon at relihiyon.

Sa simula, naisip kong maaaring itumbas ang pagtula sa pagpapakò kay Kristo sa krus. At sa ganitong pagtutumbas, sinubukan kong ihalintulad ang tekstong isinusulat sa tula kay Hesus, na itinuturing na Salitáng nagkatawang-tao na una kong naengkuwentro sa panalangin noong nása elementarya. Pagpatak ng tanghalian, nagsasalita na sa pampublikong ispiker ang mangunguna sa panalangin. Humihinto ang lahat sa kanilang ginagawa. Sa

hudyat ng namumuno, sinisimulan na ang panalangin. Sa bawat babanggitin ng tagapamuno, tumutugon kaming mag-aaral. Pagkatapos ng Aba Ginoong Maria, dito ko na naririnig ang mga katagang: and the word was made flesh, at sumasagot kami: and dwelt amongst us. Saulado ko ang isasagot pero hindi ko alam ang kahulugan ng idinarasal, isang dahilan na marahil na nása Ingles ito. Araw-araw kong dinarasal iyon hanggang tumuntong ako sa ikalimang baitang at nag-aral na ako sa Marikina. Pagdating sa enrolment, sakâ ko nalamang rekesito ang magkaroon ng sariling kopya ng Bibliya, kayâ napabili na ako kasabay ng lahat ng aklat na kakailanganin para sa buong taon.

Sa Religious Education, binanggit ng guro namin, na bukod sa Henezis, nag-uumpisa rin sa “Simula” ang Ebanghelyo ni Juan. Kayâ binása ko agad ang unang kabanata, na naglalaman na: sa pasimula páy naroon na ang Salita. Kasama ng Diyos ang Salita at ang Salita ay Diyos. Sa sumunod na bahagi, Naging tao ang Salita at nanirahan sa piling natin. Dito ko natutuhan ang pinagmulan ng verbo (the Word mula sa Ingles na bersiyon) ng Angelus. Ang naging paliwanag ng guro, ang Salita ang tumatayông pangakong matagal nang ibinigay ng Diyos. Sa loob ng mahabang panahon, hinihintay ng Israel ang isusugong Supling ng Panginoon na magliligtas sa hinirang na bayan.

Kayâ sinubok kong balikan ang pagtalakay ni Dr. Hornedo hinggil sa katawan bílang materyales. Ang katawang tumatanggap ng pasakit ang materyales ng pangako ng muling pakikipag-ugnay ng tao sa Diyos. Kay Hesus at sa Katawan Niyang nagmula sa Salita ay ang pangakong napakò at namatay sa krus. At sa tula, naitatanghal din ang dahas na dinaranas ng pangako. Dahil dito, ang pangako na tema ng mga akda ay hindi rin natutupad. Sa halip na maging garantiya ang pangako ng kaligtasan at paglaya, ang tagatanggap sana nito ay higit pang napapalayô at nawawalan ng tiwala sa nangako. Ang paglaya na dapat na ilahad sa tula ay nawawalan ng katiyakan.

Sa halip na ituon ko ang pansin sa salita bílang katawang ipinapakò at pinapaslang, ibinaling ko ang atensiyon mula sa pagpapakò patungò sa imahen ng krus. Mula sa mga halimbawang akda ni Aquino de Belen at de San Jose hinggil sa gámit ng krus, naging katumbas na nito ang pagpataw ng kamatayan sa Anak ng Diyos na ipinadala upang maging Tagapagligtas ng tao. Kayâ naman ang krus ay naging simbolo ng pagsagip ni Hesus sa tao mula sa kasalanan. Ngunit hanggang ngayon ay marami pa ang naghihintay sa muling pagdating at muling pagtupad sa ibinigay Niyang pangako ng kaligtasan.

Ang isa pang nakasanayan ko bílang Kristiyano ang pagsusuot ng kuwintas na krus. Sa pagsusuot ng relihiyosong artikulong tulad nito, hindi ko nakita ni minsan na ito ay simbolo ng ginawang pagsagip noon ni Hesus. Bagkus, ang pagiging bahagi nito ng pananamit ko ang nagturo sa akin na hindi ito maaaring mahiwalay sa akin. Sapagkat nagsimula akong maniwalang ang walang palyang pagsusuot nito ang maaaring magligtas sa akin mula sa kahit anong uri ng kapahamakang kahaharapin. Ito para sa akin ang tunay na pangakong taglay ng krus—ang pagsapit ng panahong masasagip ang tao. Ang paniniwalang ito ang naging paalala ng ipinangakong kaligtasan. Ngunit sa gitna ng napakaraming paghihirap na dinaranas ng lahat, tila naging sapat na ang maniwala at maalala kahit minsan na may darating upang managip at muling matunton ng tao ang Daan, ang Katotohanan, at ang Liwanag—ang pangakong iniwan ni Kristo sa Kaniyang mga alagad sa kanilang hulíng hapunang kapiling Siya. Gayong ang tunay na kalagayan ng tao, sa tagal ng paghihintay sa pangakong napakò, ay nalugmok na sa Pagkaligáw, sa Kasinungalingan, at sa Karimlan.

## **PAGTULA BÍLANG PAGDAHAS SA WIKA**

Sa pagbibigay ng pangako, nagbibigay ng garantiya ang sinumang nangangako na magaganap ang bagay na sinasabi. Sa Diksyunaryo-Tesouro

ni Jose Villa Panganiban (1972), ang pangako ay kasingkahulugan ng “salita”<sup>36</sup> at “sumpa”<sup>37</sup>, kayâ itong pagbibigay ng salita ay isang paniniguro na hindi mabibigo ang pinapangakuan. Samantala, may dagdag na kahulugan ang pangako sa UP Diksiyonaryong Filipino (2010):

pa·nga·kò png [pang+ako]: pahayag na tumitiyak sa pagtupad o hindi pagtupad ng isang bagay<sup>38</sup>

Ibig sabihin, ang ibinibigay na salita ay nagiging batayan din kung matutupad ito o hindi. Kung mamaslang maigi ang salitáng “pangako”, mapapansin ang ilang titik na bumubuo rito ay bumubuo rin sa salitáng “pakò”. Nangangahulugang ang dalawang salitáng binanggit ay matatagpuan sa bawat isa at dahil dito, ang pagkapakò ay tinataglay talaga ng pangako kayâ naman maaaring may katiyakan ang hindi pagkatupad nito.

Ang ganitong pagtingin sa salita at kung paanong binabasag ang kabuuan nito upang magkaroon ng ibang kahulugan ay maituturing na karahasan na kinakailangan, nang sa ganoon ay magdulot ng paghulma sa salita. At gaya ng pangako na naglalaman din ng pakò, nagiging sanhi ito kung bakit hindi natutupad. Mailalahad ang pangako, na sinusundang tema ng kalipunan ng tula, ay nauudlot din dahil umiiral ang krusipiksiyon sa akda. Ganito ko inumpisahan ang konsepto ng kalipunan ng tula, sa paggamit sa kahulugan ng krus, at ang pag-aasam sa pangakong hindi naman natutupad agad. Ito ang paliwang ni Roman Jakobson tungkol sa tungkulin ng pagtula:

The function of poetry is to point out that the sign is not identical with its referent. Why do we need this reminder? Because along with the awareness of the identity of the sign and the referent ( $A$  is  $A_1$ ), we need the consciousness of the inadequacy of this identity ( $A$  is not  $A_1$ ); this antimony is essential, since without it the connection between the sign

and the object becomes automatized and the perception of reality withers away.<sup>39</sup>

Mahalagang may pinatutungkulan ang tula dahil ito ang maglalapit ng kahulugan sa mambabasa. Ngunit hindi maaaring ibigay at maging awtomatiko lámang ang pagtutumbas ng pangako at ng nais nitong iparating dahil lagi na lámang aasahan at nalalaman ang kahulugan o katuparang dala nito.

Dahil naglalaman ang tula ng ipinapangakong kahulugan sa kabuuan ng akda, inaabangan, inaantabayanan ang paglalahad nito kayâ naman mahalaga sa makata na maging marahas upang magkaroon ng bágong anyo at kahulugan upang lalong makapagbabago at magiging taliwas sa inaasahang katuparan ng pangako. At nagagawa ito sa tula sa pamamagitan ng pagiging marahas ng makata sa salita kapag tumutula. Ayon sa sipi ni Erlich sa *O Čěšskom Stixě* (1923) ni Jakobson, “Poetry is organized violence committed on ordinary speech.”<sup>40</sup> Kung gayon, kinakailangang maging marahas ang makata hindi lámang sa wika kundi sa buong pagkasangkapan sa paraan ng pananalita. Ang deklarasyong ito ay sinusuhayan din ni Jakobson sa *Linguistics and Poetics* (1960) nang sabihin niyang:

...the contrast between the structure of poetry and other types of verbal structure: the latter are said to be opposed by their “casual,” designless nature to the “noncasual,” purposeful character of poetic language.<sup>41</sup>

Kaya hinihingi ng pagtula ang paghulma sa salita dahil ito ang nagbibigay ng bágong hugis at naiibang gámit ng wika gayong hindi ito ang karaniwang paraan ng pananalita. Sa pag-iiba ng estilo ng pananalita sa tula, ang pagtanggap sa pangako at kahulugan nito ay naaantala hindi lámang sa

loob ng akda kundi pati ng nagbabasá dahil hindi na karaniwan kung paano umiiral ang ginamit na pananalita. At ang disenyong pinipili ng tula ay nabubuo sa pamamagitan ng seleksiyon at kumbinasyon ni Jakobson. Aniya:

The selection is produced on the basis of equivalence, similarity and dissimilarity, synonymy and antonymy, while the combination, the build-up of the sequence, is based on contiguity. The poetic function projects the principle of equivalence from the axis of selection into the axis of combination. Equivalence is promoted to the constitutive device of the sequence.<sup>42</sup>

Sa ordinaryong pananalita, namimili ng isang salita na magiging panumbas sa ninanais sabihin at ipinanghahalili ito. Habang sa pagtula, nabubugbog ang pananalita dahil ang magkatumbas na mga salita ay nagagawa pa ring pagsamahin. Samakatwid, sa karaniwang pananalita, iniwasan ang pag-uulit ng mga salita, habang sa pagtula, maaaring maglaman ng magkakatulad na salita na magkukubli sa nilalaman nito. Ang pagkukubling ito ang nagpapakò sa kahulugang pangako sa loob ng tula.

## **KRUSIPIKSIYON NG SALITA**

Upang lumitaw ang napakòng pangako sa tula, dapat munang mamalas ang anyo ng karahasang nangyayari sa salita at kalaunan, sa tula. Hinihingi ito dahil karahasan din ang pagkapakò ng pangako. Sinusunod ng temang ito ang organisadong karahasan sa wika at dahil ang pananalitang nakapaloob sa tula ay hindi karaniwan, nababago ng karahasang ito kung paano titingnan at uunawain ang inihahayag. Ang organisasyong ito ay nangangahulugan din na nagkakaisa ang lahat ng elementong inilalagay sa pananalita at may gámit ang pagkakaayos ng bawat isa ayon sa sinasabi hinggil sa paksa.

Binanggit din ni Jakobson na sa kasalukuyan, maaari nang magsilbing paksa ng tula ang kahit anong bagay.<sup>43</sup> Subalit kung susundin ito, hindi magiging matagumpay ang tula dahil kung ang tatanggap ng tula ay pamilyar sa tema ng akda, wala itong sasabihing bago o kakaibang paraan upang masabi ito. Ayon din kay Jakobson, mahalagang hindi tuwiran ang tumbásan ng kahulugan ng sinasabi dahil laging may pinatutungkulan ang tula na madaling matutukoy lalo na at marami sa mga pinapaksa ng tula ay malapít sa pang-araw-araw na búhay. Ang inihiwasan sa tula ay ang maging awtomatiko at inaasahan ang sinasabi nito.

Halimbawa ng hindi awtomatikong pagtutumbas sa kalipunan ng tula ay mababása sa mga tula kong “Aparisyon” at “Retratista.” Para masilayan ang pagbabago ng kahulugan ng salitáng ‘aparisyon’ at ‘retratista,’ inilagay ang persona ng bawat tula sa mga sitwasyong kakaiba para sa kanila. Gaya ng madreng nakasaksi sa malagim na pangitain ng panggagahasa. Tingnan ang sipi ng “Aparisyon.”

...

hanggang matagpuan ang birheng  
pinagsamantalahan, samantala, napako  
ang paningin sa dilim na nasa  
harapan lamang ang layo.

Sa halip na ilagay ang madre sa tagpong makapaglalahad ng himala ng isang birhen at kaliwanagan, ang kabaligtaran ang tumambad sa kaniyang paningin at krimen ang nasaksihan niya sa kakahuyan. Samantala, sa sumunod na halimbawa, waring retratista sa una ang nagsasalita ngunit nagtaglay ito ng mga katangiang hindi likás sa kaniya. Narito ang ilang saknong:

...

kanina pa rin nakamata  
kaya itinutok agad ang lente



upang unahan kong mahuli  
ang imahen ng sandaling papanaw

ang paslit bago pa  
sumunggab ang ibong tanging

ang itinira kong buto't balat  
ang ninanais na

makuha mula sa kuha ko.

Waring nakuha na rin ng kumukuha ng retrato ang kakayahan ng buwitre na maamoy ang mga malápit nang pumanaw. Ang katangiang ito ang nagdulot upang makipag-unahan sa ibon na makuha ng kamera ang sandali bago tuluyang kainin ang payat na payat nang bata. Ang mga halimbawang persona na napunta sa hindi inaasahang kalagayan, ay paraan upang maitanghal ang hindi karaniwang nakikitang anyo nila.

Maituturing na karahasan din sa wika ang naiibang estruktura ng pananalita sa loob ng tula. Ang naiibang paggamit sa salita ay may epekto sa tunog at ritmo ng pananalita na nakapagpapabago sa kahulugan. Ayon pa rin kay Jakobson may gámit ang kabuuan ng naiibang paraan ng pananalita:

...the contrast between the structure of poetry and other types of verbal structure: the latter are said to be opposed by their “casual,” designless nature to the “noncasual,” purposeful character of poetic language.<sup>44</sup>

Ganito ang nangyayari sa “Tuwing Tumatawid” sa pagbitiw ng personang nangungulila sa mga salitang hirap, hanap, balik, at sabik. Ang dulong

tunog ng bawat isa ay nakadaragdag sa intensidad ng bigat na nadarama at kahulugan ng kaniyang pangungulila. Ito ang hulíng saknong:

Pagkat traysikel ko’y biglaang tumirik  
Nang dahil sa baha’t makapal na putik,  
Ilog tuloy yaong sumundo’t naghatid  
Sa aking mag-inang tuluyang tumawid.

Ginamit muli sa saknong na ito ang malakas na katinig sa dulong tunog ng bawat taludtod at kahit waring natanggap na ng persona ang kinahinatnan ng kaniyang pamilya, may pahiwatig pa rin ng kabigatan ng loob ayon sa piniling mga salita. Ang malikhaing paninira sa pananalita ay nagpapatalas sa kakayahang maging mapagmatiyag sa sinasabi at pandama sa kahulugang inihahatid.

Isa pang paraan ng karahasan sa salita ang malimit na pag-uulit rito lalo na kung pinagsasama ang mga magkasingkahulugan sa loob ng akda. Sapagkat sa karaniwang diskurso, iniwasan ang pag-uulit ng mga elemento habang sa tula, maaaring maglaman ang taludtod o saknong ng magkakatulad na salita. Ang konsepto ng seleksiyon at kumbinasyon ni Jakobson ang nagsasabi na:

The poetic function projects the principle of equivalence from the axis of selection into the axis of combination. Equivalence is promoted to the constitutive device of the sequence.<sup>45</sup>

Sa pagsasaayos ng pananalita sa tula, ang magkakatulad ay hindi pinagpipilian, sa halip, ang mga ito ay inilalagay upang gamítin nang magkasama sa paghahayag. Sa “Kumpisal” halimbawa ang pag-uulit sa salitáng tahimik na matatagpuan sa hulíng saknong:

...

ako ang pumaslang. Aaminin ko,

hindi na ako matahimik sa nais  
na manahimik sa takot  
na tuluyang patahimikin.

Ang kumbinyang ito ng tatlong anyo ng salitang tahimik ay nagsasabi ng tatlo ring kahulugan nito. Una, ang kawalan ng kapayapaan ng isip; ikalawa, ang pisikal na kawalan ng kahit anong tunog mula sa bibig; at ikatlo, ang pagkitil sa sinumang magsisiwalat ng katotohanan.

Ang kahulugan ng organisado sa pandarahas sa pagtula ay ang bihasang paghawak sa wika na nakukuha sa mahabang pagsasanay. Nagkakaroon ng organisasyon sa pagsusulat dahil dapat maayos ang kahihinatnan sa huli—ang produkto ng pagsasanib ng mga salita sa akda. Ang pagpapakadalubhasa sa karahasan sa tula ay matatawag na hanapbuhay batay sa paglalarawan ni Almario sa Pitóng Bundok ng Haraya (2010). Sabi niya hinggil sa Kaayusan:

Trabaho ang ganitong kaayusan ng isang sistematiko ngunit mapagsanib na imahinasyon. Kailangan nakaprograma ang bawat ilahok na detalye't impormasyon tungo sa isang pangkalahatang balangkas o isang pangunahing daloy na bibigkis sa lahat ng mga detalye't impormasyon.<sup>46</sup>

Kahit na pinupwersa ang mga salita sa paglikha ng tula, hinihingi pa rin nito ang kaayusan dahil gaya ng isang manggagawa, may produktong dapat itanghal. Ito ang matutunghayan sa mga palabas na pagpapakò sa kabila ng karahasan sa mga lumalahok, napananatili ang organisadong daloy ng mga pangyayari sapagkat may mga tumatangkilik.

## SA BALANGKAS NG PAGPAPAKÒ

Kapag nangangako, ang nagbibigay ng salita ay may katiyakan na magagampanan ang kaniyang sinabi. Ngunit kung susundin ang kahulugan sa UP Diksiyonaryong Filipino, may posibilidad na hindi ito matupad dahil sa kabila ng paniniwalang magaganap ang pangako, ito ay maaantala. Kayâ piniling gamitin ang “napakò” para ilarawan ang kawalang-katuparan ng pangako. Sa halip na sadyain ang pagpapakò, ang kalipunan ng tula ay naglalaman ng hindi inaasahang pagkaudlot ng pangako. Kung sa simula, tila kasindali lámang ng pagbibitiw ng salita ang paggawa sa anumang hinihingi upang tupdin ito, sa huli, hindi aakalaing mahihirapan paláng magkatotoo ito.

Mula sa pangakong hindi sinasadyang napakò, hinahango ang iba pang anyo ng pagkapakò na nangyayari sa mga gawaing pang-araw-araw. Ang pangkalahatang kahulugan ng napakò ay maiuugnay sa pagkaantala ng kasalukuyang ginagawa at pagtuon ng pansin sa ibang bagay na labas sa naunang ginagawa. May natukoy na limang anyo ng pagkapakò na matatagpuan sa buong koleksiyon; napakò 1) ang mga mata, 2) mula sa pagkilos, 3) sa kinalalagyan, 4) sa pagkamangha, at 5) sa kalagayan.

Ang paningin ang tinutukoy ng napakòng mga mata na hindi na naalis sa pagkakatitig sa isang bagay na umagaw ng atensiyon. Matatagpuan ito sa mga tulang “Akwaryum” at “Retratista” na pawang mga mata lámang ang tanging bahagi ng katawang pinagagalaw ng mga persona ng magkahiwalay na akda. Sa una, kailangan ang mga mata upang kilatisin ang pisikal na anyo na magiging batayan ng pamimili ng nagsasalita. Tingnan ang mga panimulang taludtod:

Minamasdan ko ang mga galaw mo  
kahit sa kabilang panig ang nasa  
sinasala ang ganda

Hindi panandalian ang magmasid, hinihiling nito ang paglalaan ng sandali, lalo na kung madilim ang paligid gaya ng dramatikong sitwasyon dito, at hanggang sa dulo ng tula, pinilit na huwag makawala sa paningin ng nagsasalita ang obheto ng kaniyang mga mata. Ganito rin nagmatyag ang retratista, hindi niya pinakakawalan ang subject ng larawang kukunan kahit gamit ang isang mata, lumilinaw na ito para sa kaniya. Ngunit hindi ganoon kadali ang gawain dahil maaaring masira ng kaniyang pagkilos ang komposisyon ng buong larawan.

Biglaang pagtigil o pagkapatda gaya ng paghintong humakbang sa paglalakad ang tinutukoy ng napakò mula sa pagkilos. Halimbawa ng tulang may ganitong pagkapakò ang “Tawaran,” nang marinig ng persona ang katapusan ang tanging nagawa niya ay: Sandali akong napatda / mula sa pamimili // bago ang pagtatangkang humingi. Bagaman nakatigil ang persona ng tulang “Sa Pamamaalam,” mahihiwatigang huminto ang siya sa lahat ng gawain upang harapin ang kinakausap.

Samantala, ang pagkapakò naman sa kinalalagyan ay may kinalaman sa sapilitang pagkakalagay sa isang sitwasyong hindi ninais at hindi inakalang magtatagal. Walang magawa ang bálóng naghihintay sa pantalan sa “MV Princess of the Stars” kundi hintaying matagpuan ng tagasagip ang mga labí ng asawang nalunod sa karagatan gayong Kahit ilang gabing nawalan ng loob / Sapagkat uuwi ang iyong katawan. Naroroon ang pangangailangang manatili sa lugar na iyon dahil ito ang tanging paraan upang makapiling kahit sa hulíng sandali ang kabiyak. Habang ang nakawan sa “Sa Tayuman,” binigyan ng pagkakataon ang mga walang búhay na santo upang magkaroon ng reaksiyon sa nangyaring krimen. Tingnan ang panapos na mga taludtod:

Saksi ang mga Santo, Maria,  
at Kristong nakahilera lamang sa bangketa.

Wala silang nagawa kundi panoorin ka.

Hindi ginusto ng ninakawan ang nangyari sa kaniya sa kalsadang ito, ngunit waring hindi rin ninais ng mga imahen dito na makasaksi ng nakawan. Tila napipilitan lámang sila na panoorin ang pangyayari dahil hindi rin sila makaalis sa kinalalagyan nilang bangketa.

May kinalaman sa paningin ang pagkapakò sa kamanghaan ngunit may pananatiling nakatingala o kawalan ng reaksiyon sa nasasaksihan. Maaaring may napapanood na himala o kagilagilalas na palabas ang nagdudulot nito sa nakatingin. Nilalaman ito ng “Baling” na gumamit sa mga salitáng natigatig para sa biglaang pag-aalala ng mga tao, at bumighani sa pagkahumaling sa himala. Tingnan ang ilang taludtod:

walang himala ngunit nagsisunod  
sa humahabang pila ng nais  
na masalat ang bahaging  
bumighani sa kanila.

Taliwas sa pamagat ng akda, walang pagbaling sa ibang posibilidad ang nilalaman ng tula upang siyasatin ang katotohanang taglay ng penomenang umakit sa mga tao.

Pananatili sa iisang estado ng tao sa mahabang panahon ang kahulugan ng pagkapakò ng kalagayan. Halimbawa nito ang pananatili ng iskor ng magkalabang koponan sa tagal ng paglalaro. Makikita ito sa “Victor” at ang persona nito na matagal nang nakapila upang kasunod na gawing Kristo ng Senakulo, ngunit batid niyang hindi na ipapása ang papel ng hinahangad. Tunghayan ang simula ng akda:

Sa napipintong paglabas mo  
sa palabas na pagpapako,  
bumaba ka at lalong nabaon  
sa palad ang palad

na hindi ako ganap  
na magiging Kristo.

Dahil sa pangyayaring ito, mananatili si Victor na laging pangalawang Kristo at hindi na makaaangat pa gayong siya na dapat ang hahalili sa puwesto ng Kristo Mayor. Kabuhayan naman ang hindi mababago sa “Kabod” na nagsasalawaran ng pagmimina at paghuhukay sa putikan ng amang persona. Ayon sa kaniya, natanggap na ang kapalarang mananatili / ang mga paa ko sa hukay / habang humuhukay ng ginto at ito ang tuluyang pagsuko sa pagkapakò ng kalagayan.

Para marating ang kaayusang ito sa sinusulat na tula, kailangang may sinusunod na disenyo na paglalagakan ng wika. Ito ang balangkas na dapat kalagayan ng salita matapos itong marahas na ihulma sa anyong pinili. Kung paanong ang katawan ng Mesiyas ay tumugma nang banatin ang magkábilang braso sa paripá at ang mga binti sa patayong bahagi ng krus, ganoon din ang ginagawang paghatak sa salita para umayon sa pormang nauna nang natanaw para sa tula. Higit sa pagkapakò sa kalagayan ng persona sa “Kabod,” ang pananalita sa tula ay waring kinakapos sa hininga sa pagpuputol sa pangungusap sapagkat ito ang kaayusang nababagay sa sitwasyong inilalarawan. Sinisira rito ang natural na daloy ng pagsasalita pero nagtataglay ng ibang kahulugan na binibigay ng bágong organisasyon nito.

Ang mga sitwasyong gaya ng mga nása akda sa itaas, na nilikha para sa bawat tula, ang nagsisilbing krus na dapat pasanin at pagkatapos ay pagpapakuan ng nagbibitaw ng salita. Maituturing na balangkas ito ng bawat personang napapaloob dito kayâ nagpapatúloy na pinipiling magtika habambuhay dahil hindi na makahulagpos sa pagkapakò. Kung susundin ang *The Favor of the Gods* (2001) ni Florentino Hornedo, mauunawaang ang patúloy na pagdaan sa hírap ng penitensiya ay nag-uugat sa paniniwalang walang kapangyarihan ang tao para tugunan ang mga pangangailangan niya

at tanging ang Diyos ang maaaring magpatawad sa pagkakamali. Dagdag niya:

It is believed that failure to fulfill the vow brings misfortune—a punishment from God for renegeing on a vow.<sup>47</sup>

Sa halip na dagdagan ang tinitingnang atraso ng tao sa Diyos, at lalong hindi bawiin ang mga napapalâng iilang biyaya, pipiliin niyang magpaulit-ulit ang penitensiya at siguruhing hindi makaliligtaan ang panata.

## ANG NAPAPAKÒ SA TULA

May tatlong pangunahing pangakong napapakò sa tula at ibinabatay ito sa pangakong ibinigay ni Kristo sa Huling Hapunan. Sinabi Niya rito na Siya ang Daan, Katotohanan, at Liwanag na kinakailangang sundin upang makarating sa Diyos. Ang mga pangakong ito ang ginamit na paghahati at pagpapangkat sa mga tula sa koleksiyon at nagdikta kung paano isinalansan ang pangkalahatang pagkakasunod-sunod ng bawat akda.

Hinggil sa direksiyong tinatahak ang pangakong daan at maaari itong maging pisikal na kalsadang dapat matutunton sa paglalakad o paglalakbay, ngunit posibleng metaporikal na daang matatahak sa pamamagitan ng pagsunod sa nakaatang na gawain. Halimbawa ng tulang tumatahak sa wastong direksiyon ang “Panata” na nagtatanghal ng paghahakbang / sa walang tigil na ritmong nililikha // sa bawat lagapak / ng pamalo sa kaniyang likod. At kahit pisikal ang paraan ng pagtatahak sa inaaninaw na daan, nalilipit mula sa literal na pagtunton upang makalapit sa metapisikal na hinahangad—ang kaligtasan.

Samantala, sa “Sajid Bulig,” waring hindi nagkulang sa pagdarasal ang mga nananalig sa Poon ngunit sa kabila ng pagbibigay-pugay, trahedya at



kamatayan ang isinukli sa kanila. Mahihiwatigang hindi sapat ang manatiling nananalangin lámang para maligtas, sa halip, dapat kusang kumikilos at maging tagapagligtas ng sarili at iba. Tunghayan ang hulíng bahagi ng tula:

Sa sandali, sila ang tagasunod  
na nalubog nang tangkaing sumunod  
sa mga yapak sa tubig.  
Kaya lalanguyin ng bata  
ang dilim mula sa pampang  
kahit nauna na niyang nailigtas  
ang sarili at binalikan  
ang hindi nailigtas ng panalangin.

Inihambing din ang pagkalunod dito sa pagkalunod ni Pedro na nagtangkang maglakad sa laot upang makasáma si Kristo ngunit nalingat at tuluyang lumubog. Sa dalawang uri ng pagkalubog sa tubig, parehong nangailangan ng ibang maghahango upang manatili sa ibabaw at mabuhay. Subalit hindi pinalad ang ilang hindi na nabalikan ng paslit at sila ang hindi nailigtas ng panalangin.

Paniniwala sa inilalahad na katotohanan ang sunod na pangako sa kalipunan na maaaring nauna nang ibigay o pílit pa ring sinisiyat sa ibang paraan. Sa ganitong paraan, matatagpuan sa bawat tula ang matagal nang hinahanap na patunay ng paniniwala. Halimbawa sa tulang “Tawaran” nang madinig ng persona ang paparating na katapusan, ay nagmadaling makipagpalitan ng halaga ayon sa kaligtasan kahit kaduda-duda ang naghayag nito.

Para sa manlililok sa “Lalang,” pangmatagalang gawain ang pagharap sa mukha ng Diyos na kailanman ay hindi pa nakikita ang totoong itsura. Narito ang ilang taludtod:

Natapos ko ang obra ngunit hindi natapos  
ang pagkukubli ng Diyos sa likod  
ng mukha na mukhang matagal na  
matagal na panahong  
hindi ko nakikita

Ayon sa pamagat ng akda, mahihinuhang ang kambal na kahulugan na paglikha at paglinlang. Sabay na nagaganap ang dalawa sa trabaho ng manlililok; nililikha ng persona ang kabuuan ng Diyos sa kaniyang mga obra habang walang tigil ang pagtatago ng hulí sa Kaniyang wangis.

Pananangan sa búhay at pagnanais na pagginhawa ng kalagayan ang pinapaksa ng pangakong liwanag kahit na taliwas sa kagustuhan ang kinalalagyang sitwasyon ng mga nagsasalita sa bawat tula. Ang mga kalagyang ito ang magtitiyak na maghihirap muna bago makamtan ang mga kahilingan. Sa parehong may edad nang mga tauhan sa “Kaarawan” at “Pasensiya,” higit na inilalarawan sa dalawang tula na Kahit hanggang dapithapon / ng buhay, magpapatúloy ang panunubok sa kakayahang mabuhay at maghintay sa paglaya sa hírap.

Ang pisikal na kawalan ng liwanag sa “Sayawan” ang nagtutúlak sa mga naipit sa loob upang mapanatili ng bawat isa ang kanilang mga búhay na nanganganib dahil sa kumakalat na apoy. At sa paglaki ng sunog, isang anyo ng liwanag na nabuo sa gitna ng kaguluhan, nagpatúloy ang paglayô rito ng mga tao. Tingnan ang akda:

Walang mga mukha sa dilim  
ang mga mananayaw na dumagsa

sa pintong itinutulak ng mga katawang  
itinutulak din ng mga nais makaligtas.

At sa halip na sila'y makalabas,  
nakapasok naman ang takot

habang apoy na lamang ang naiwan  
sa gitna ng sayawan

kasabay ang lumalakas na ritmo  
ng kaba, pag-awit ng mga sigaw

at umpugan ng mga katawang  
nagsisiksikan patungo sa bungad.

Lahat ng nása loob ay nais pang mabuhay, ngunit ang pag-iisip sa sarili dahil sa lumalalang kalagayan ang naging sanhi ng kamatayan ng karamihan. Ang paghahangad na makaligtas ang kumitil sa pag-asa ng iba na makamtan din ang parehong kahilingan. Sa madaling sabi, pinatay nila, kahit hindi sinadya, ang bawat isa at napakò ang lahat sa trahedyang tumupok sa mga pangarap.

Ang pagbabaligtad ng mga iniwang pangako sa hulíng hapunan ay nagaganap lámang nang ipinakò sa Hesus. Kayâ waring hindi natutupad ang alinman sa mga iyon dahil Siya bílang Kristo ang kinatawan ng sinabing Daan, Katotohanan, at Liwanag na magkakasamang yumao sa ibabaw ng krus. Kung babalikan ang krus na katumbas ng balangkas, ang katumbas ni Kristo ay ang wika na ipinapakò sa pagtula. Ang pagpaslang sa kahulugang literal ng wika at pati ang pagbabago sa dramatikong sitwasyon sa ilang tula na binaggit ay nangyayari sa paraang sinapit ng Pagkaligaw, Kasinungalingan, at Karimlan matapos gunawin ang nauna nitong mga anyo.

## ANG PAKÒ SA PANGAKO

Nanggaling ang tema ng kalipunan ng tula na pangakong napakò mula sa krusipiksiyon kay Kristo. Sinusundan din ng batayang ito ang mga espesipikong pangakong matatagpuan sa mga akda. Nang mangako si Hesus, hindi lámang ang salita ang iniwan kundi, ibinigay din Niya ang sarili bílang pangako sa mga alagad upang kanilang mahanap ang paroroonan ng gurong mapapaslang. Ngunit itinanong pa rin nila kung paano nila malalaman ang kanilang dapat tunguhin, at dito itinugon ni Hesus:

Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makapupunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko. Kung ako’y kilala ninyo, kilala na rin ninyo ang Ama. Mula ngayon ay kilala na ninyo Siya at inyong nakita.<sup>48</sup>

Ang tatlong iniwang pahayag na ito, ang pagiging Daan, Katotohanan, at Búhay, ang mga napakòng pangako nang mamatay sa krus. Ang pagkakapakò nito ang nagdudulot ng Pagkaligaw, Kasinungalingan, at Karimlan sa sinumang naghihintay pa rin sa katuparan ng pangako. Sa pagtula, patúloy na napapakò ang tatlong pangakong nabanggit na umaantala sa katuparan ng kaligtasan ng tao.

Gaya ng nasabi na, nagsimula ang pagbubuo sa konsepto ng pagpapakò nang binigyang pansin ang halagang ibinibigay ko sa krus, na itinuturing bílang paalala lámang ng pangakong kaligtasan. Higit na matimbang ang ganitong pagtingin kung ihahambing sa paalala ng paghihirap at ng kamatayan sa krus. Ang pag-aasam na matupad ang pangako sa tula, ang tao ay nananatili pa rin sa paghihirap na dinaranas na pinagmulan kung bakit ibinigay ang pangako. Sa tula, ang pangako ay nagsisilbing paalala ng kaligtasang inaasam. At ang kaligtasang ito ang pagbabago sa pamamagitan ng pagpapalit ng pananaw ng tumatanggap ng pangako sa tula. Subalit

lalong nagiging pasáng krus ang pangako kapag ito ay tinatanggap nang hindi ito nauunawaan kayâ hindi agad natutupad para sa naghihintay ang pagkakatotoo nito.

Maituturing na parusa ang krusipiksiyon kay Kristo ng mga Romanong sundalo sa pag-aakalang tinatawag Niya ang sarili na hari maging ng mga dayuhang ito. Pero ang katawan, kahit ng ordinaryong tao, ay hindi dapat dumaan sa ganoong uri ng paglapastangang masasabing napakalupit. Maaaring ang sibat na isinaksak sa tadyang ang hulíng dagok sa Mesiyas ngunit sa pagkakaposisyon ng pagpapakò pa lámang, tiyak na ang kamatayan. Sa tula, ang pakòng tumatagos sa wika para manatili sa krus dito ay ang tayutay. Ibinabaón ang tayutay kapag tumutula upang sundin ng salita ang hulma ng balangkas ng manunulat. Ang mga pahayag ng makata sa hindi karaniwang paraan ang pandarahas na tinatanggap ng wika at pumapaslang sa taglay nitong literal na kahulugan.

Ang pagkabigong maging Daan, Katotohanan, at Liwanag ni Hesus sa kamatayan ay nabibigyan ng ibang kahulugan o kayá'y nasasalungat. Ito ang taglay ng tayutay, ang patayin ang inaakalang tuwirang ipinahahayag ng mga salita para makapaghayag ng panibagong nais sabihin, ng mas maigting na kahulugan.

## **PAG INILIGAW NG DAAN**

Pagpapaalala ng kaligtasan ang nilalaman ng tula. Kayâ naman tataluntunin ng nagsasalita sa kabuuan ng akda, sa pagnanais na may makamtan at maunawaan mula rito na makapagbabago sa perspektiba hinggil sa kaniyang kapaligiran. May nabubuong paniniwala sa pamamagitan ng paghahanap na maaaring bumago sa kalagayan ng tao at maging ng lipunang kaniyang ginagalawan. Ngunit sa tula, hindi lámang kaligtasan ang nilalaman, gaya ng pagpapasákit at paghihirap na maaaring humantong sa

kamatayan. Sa kawalan ng katiyakang ito, may pangangailangang maging handa kung iba man ang pinatutungkulan sa tula na labas sa inaasahan at nalalamang kahulugan nito. Ganito ang sabi ni Jakobson tungkol rito:

...we need the consciousness of the inadequacy of this identity ( $A$  is not  $A_1$ ); this antimony is essential, since without it the connection between the sign and the object becomes automatized and the perception of reality withers away.<sup>49</sup>

Nararapat na asahan ang pagpapalit sa pinatutungkulan ng dáting inaasahang kahulugan. Dahil sa paraang ito, hindi mananataling nakatingin sa iisang direksiyon at magpapatúloy ang pagtunton sa bágong itinuturong daan. Ngunit, gaya ng marami, sa simula, hindi sinasadyang tahakin ang ibang landas. Tingnan ang “Tipan,” ang unang tula ng kalipunan:

Sa pagwawakas ng pag-iisang  
dibdib natin, tinanggap ko

ang pagsumpa mo ng hirap  
at ginhawa nang isinusuot mo

sa aking daliri ang walang hanggan.  
Habang kanina lamang, ako

ang sumumpa ng tapat na  
pag-ibig sa iyo, ipinasakamay

ang bigat ng bigay  
na salita na tangan natin

sa magkadaop na palad  
sa mabagal nating paglakad

sa namumulang gayak nitong pasilyo.

Ang pag-iisang dibdib ay nararapat na maging masayang okasyon sa pagitan ng mga magsing-irog. Subalit tila ang pagbibitiw ng salita ng persona sa tula ay hindi singkahulugan nito gaya sa mga taludtod na ang pagsumpa mo ng hirap, ang sumumpa ng tapat na, at ang bigat ng bigay / na salita na tangan natin ay pagpapahiwatig ng isang umaasang hindi maganda ang hinaharap gayong dapat sana ay pagdiriwang ng pag-ibig. At kahit nása bungad pa lámang sila ng búhay na habambuhay pagsasaluhan, tila magtatapos na agad ito sa unang taludtod. At sa tatahaking landas ng magsing-irog papalabas ng simabahan, kinailangang maging maingat at pareho nilang hawakan ang ibinigay nilang sumpa ng katapatan sa bawat isa.

Kahit sa pagtanggap sa paghihirap, naipaaalala pa rin ang tunay na kalagayan gayong pinili nang landasin ang inaakalang wastong daan. Ngunit lalong napapadaan at napapabalik sa pagkaligaw ang sarili gaya sa “Asetiko:”

maaaring umiwas sa paparating.  
Umiiwas silang magtagpo  
ang mga paningin kahit hindi nila nais

makita ang kinakaharap mula  
sa pag-apak ng talampakang nagkukubli

sa mga kalyo, nalalaglag nang salawal  
sa luwag, libag na kapit na kapit  
sa kaniyang balat, buhol-buhol na buhok—  
ang paalala ng dating katawang

pinabayaan nang lahat sa nasang  
makawala sa lahat ng pagnanasa.

Sa pag-iwan sa dáting sarili at sa lahat ng anyo ng pagnanasa, nagawang makalaya ng táong-grasa sa tula. Nakahanap siya ng paraan upang makalayô sa anumang bísyong gagapos sa kaniya sa mundo. Subalit sa sandaling makasasalubong na niya ang isang kagaya niya, ipinagtaka kung paanong nahahanap niya ang sarili sa iba. Ang gitnang saknong mula sa sipi ang nagpamulat na ibang anyo lámang palá ng paghihirap ang kinasadlakan niya at hindi tunay na nakalaya. Samantala, ang pagnanais na masundan ang kinikilalang mukha ang nagtutúlak naman sa tao na mapadpad sa maling daan dahil sa bulag na pagsamba. Narito ang “Billboard:”

Gaya ng gabing ito  
na ayaw na  
ayaw ko pang dumating  
agad sa uuwian at matagal na  
masilayan ang mukhang maaaring  
palitan kailanman naisin  
at mukhang hindi  
maaari kahit nais lamang  
na tingalain din sa pagkakapaskil.

Ang mukhang iniidolo at ninanais na taglayin ay nagiging dahilan upang mapagyaman ang sarili. Sa halip na mapabuti ang sariling estado, naiiwang nakatingala ang tao sa mga nilikha nilang mga idolong pinapangarap na maging katulad.



## NANG MAGSINUNGALING ANG KATOTOHANAN

Sa tula, ipinadaramang muli ang paghihirap na dati nang naranasan upang matagpuan ang daang magdadala sa pangako. Nararapat nga lámang na maranasang muli, kagaya ng dati o sa naiibang paraan ang mga pagkakataong nagtúlak para hilingin ang kaligtasan. Pinagdaraanang muli ng persona ang anumang madidilim na yugtong kailangang balikan upang itanghal itong muli sa tula ngunit sa isang bágong paraan, nang sa ganoon, mababago nito ang masásamáng saloobin at lumang pananaw na dala-dala pa upang maganap ang katuparan ng pangakong magliligtas sa kaniya. Ang ganitong saloobin at pananaw sa tula ay mahihiwatigan sa pananalita ng persona. At dahil dito, napapakò ng sarili ang pangako sa akda. Ang pahayag ni Jakobson na “Poetry is organized violence committed on ordinary speech”<sup>50</sup> ang naghuhulma sa karaniwang paraan ng pananalita na bumabago naman sa paraan ng pag-unawa sa kabuuan ng tula. Ang bágong anyong ito sa tula ang tumutulong para magkaroon ng panibagong silbi ang akda kahit na ang pananalita sa loob nito ay bahagyang nagkukubli kung ihahambing sa tuwirang sinasabi sa ordinaryong pananalita.

Dahil napakò ang pangako sa loob ng tula, hindi nito nagagawang ipahayag ang taglay na katotohanan. Kayâ naman ang kabiláng panig ng pangako ang lumilitaw, at sa halip na maging gamot at sagot sa mga suliranin ng tao, nakapagpapalala ang salungat na kahulugan nito. Gaya ito ng pharmakon na ipinangako ni Theuth sa Paraon ng Ehipto na ayon kay Jacques Derrida ay may kambal na katangian—ang pagiging lunas at lason. Paliwanag pa niya:

Operating through seduction, the pharmakon makes one stray from one’s general, natural, habitual paths and laws... the leaves of writing act as a pharmakon to push or attract out of the city the one who never wanted to get out, even at the end, to escape the hemlock. They take him out of

himself and draw him onto a path that is properly an exodus.<sup>51</sup>

Sa paghihintay sa pangako, natatalikdan ng tao ang tunay na daang nakalaan para sa kaniya na dapat sana ay makapagpapabuti sa kalagayan sapagkat nabaligtad ng pharmakon o ng lunas sa suliranin sa tula. Ganito inilalarawan ng persona sa tulang “Sermon” ang naging dulot ng pagtatalo at pagtatangka ng ama na bigyan ng leksiyon ang anak. Narito ang akda:

Humantong sa pinto ang dulo  
ng aming pagtatalo.  
Sa paglabas, hindi ako nakailag  
nang batuhin ng sermon  
ng aking amang ngayó’y dumampot  
ng pinakamabigat niyang sumpa.  
Nakaamba siyang ipukol  
sa akin na hindi ako  
muling makatutuloy  
sa loob ng kaniyang tahanan.

Makabubuti sana sa pagdidisiplina sa anak ang pagbibigay ng leksiyon sa loob ng tahanan ngunit lalong lumala ang tensiyon sa paghaharap ng mag-ama. At ang paglalapit sana ng loob ng anak sa ama ay nauwi sa hindi sinasadyang pagpapalayas mula sa kanilang bahay nang batuhin ng sermon kayâ napilitan nang lumabas at huwag nang bumalik ang persona.

Sa kabilâng bandá, ang pagtanggap sa hindi tunay at baligtad na kahulugan ang lumalason sa naghihintay sa pangako. Kung ang krus ay kambal na paalala ng kaligtasan at paghihirap ng tao, ang pangako naman ay nagtataglay at iniiralan ng parikala ng pagiging parehong lunas at lason nito. Ibig sabihin, ang kahulugan ng katuparan ng pangako ay napapasukan din

ng magkatunggaling kahulugan na sumasalungat sa totoong nais ipahayag nito. Ngunit ang dalawahang tunggaliang ito ay hindi basta lámang pagiging internal sa isa't isa kayâ nagiging tumpak ang juxtaposition ng mga ito. Paggigiit ni Derrida:

It is not enough to say that writing is conceived out of this or that series of oppositions. In order for these contrary values (good/evil, true/false, essence/presence, inside/outside) to be in opposition, each of these terms must be simply external to the other, which means that one of these oppositions (the opposition between inside and outside) must already be accredited as the matrix of all possible opposition.<sup>52</sup>

Sa ganitong pagtingin, ang nababaligtad na kahulugang taglay ng pangako ay idinudulot ng kasalungat nito gayong hindi ito likás na kaugnay ng salita. Nakapapasok lámang ito at nagiging internal sa tula sapagkat ang tambalang ito ang naging pinakaangkop at pinagbabatayang tunggalian. Maipapasok muli rito ang seleksiyon at kumbinasyon ng magkakatumas o maging ng magkakasalungat ayon kay Jakobson.

Halimbawa ng tula sa koleksiyon ng pagsasama ng magkasalungat na halaga ang “Supling.” Mapapansin ang piniling salita na inulit at waring iisa lámang ang kahulugan ngunit binabago ng pananalita at pagkabali ng pangungusap. Tingnan ang hulíng mga saknong:

ang mga magulang kahit anino na lamang  
ang nakikita. Sa kanila:  
ako ang anak ngunit hindi na ako

yaong natatanaw ko ngayon.

Maingat na inilagay ang ako sa magkabilang dulo ng penultimong taludtod at inilalahad nito ang naganap sa pagitan ng dáting nagsasalita at ang pagbabagong kinahinatnan niya sa kasalukuyan. Sa pag-uulit na ito, tila nabubugbog ang pangungusap dahil aakaling pareho ang dalawa. Ngunit sa paggamit sa salitáng ako, hindi seleksiyon lámang ang umiiral sa tula, kundi maging ang kumbinasyon ni Jakobson. Paghahalo ito sapagkat bukod sa pagtukoy sa sarili ang kahulugan ng ako rito, nangangahulugan din ito ng pagtanggap sa responsabilidad ng iba na napagbabaligtad ang dalawang kahulugan sa dalawang ako at makakukuha ng ibang resulta.

Hindi lámang naitutúlak o nalilinlang ang mga tumatalikod sa inihahaing kasalungat ng kaligtasan. Ang paghintong maniwala sa pangako ay maaaring isang kagustuhan din. Lalo na marahil kung ang nauunawaang kasinungalingan ay hindi na katanggap-tanggap at kung hindi ito naiwasto paglaon ng panahon. Ganito ang pagtalikod sa inaakalang nakikinig na Diyos sa akdang “Ang Nalalabi sa Patunay” na tungkol sa isang eksibit na napuntahan ng persona na nakapagpaigting sa pasiyang maniwalang wala talagang dudulog sa panalangin. Tingnan ang tula:

Isinulat ko ang panalangin  
sa pag-aakalang mabilis na  
makararating ito sa langit kaya  
inilakip sa sobre gayong hindi  
alam ang padadalhan.  
Nang walang natanggap  
o bumalik na sagot  
sa akin, natanggap ko ang kawalang-  
tugon, natanggap ko  
ang kawalan ng Diyos  
sa panahon upang tumugon.  
Hanggang hindi inasahang ako

ang makararating sa adres na ito,  
sa silid na ito, waring nakahiga  
at nag-iinat ang Diyos sa ibabaw  
ng tinipong mga liham.

Ang igting ng panananalig ng persona sa simula ng akda ay nása payak na kaisipang maaaring magpadala ng liham sa Diyos kung ilalaki dito ang mga kahilingan. Ngunit ang pananampalatayang ito ay marahang nabaligtad sa unti-unting pagkabisigong idinulot nang kawalang-katuparan ng mga panalangin. Hanggang naniwala na siyang wala talagang Diyos at wala siyang matatanggap na kahit ano. At kahit na tinalikdan na ang Diyos, tila isang parikala ang pagkaligaw niya sa isang eksibit at natagpuan niyang naroroon ang Diyos. Subalit ang natagpuan niyang Diyos ay waring nagpapahinga sa higaang gawa sa naipong mga sulat.

Pinili man o napilitan, kung tinatalikdan ng tao ang pangakong kaligtasan na nabaligtad sa paraang hindi naalis dito ang mga salik na nagdudulot kung bakit tinalikuran ang hindi na matatanggap na pagbabago. Ngunit kung may humaharap naman upang magsalita at ilahad ang katotohanan, pagtatangka ito na iligtas ang sarili kahit pa halos huli na ang lahat. Ito ang nilalaman ng “Kumpisal:”

Lumantad ako at waring nakunan  
ng kamera ang mukha ko  
gayong tinatakpan ko ang mukha

ng katotohanan nang magpasiyang magsalita  
at sumuko bago pa mahuli

ang lahat ng niloloob.  
Ngunit hindi ko mababawi na

ako ang pumaslang. Aaminin ko,

hindi na ako matahimik sa nais  
na manahimik sa takot  
na tuluyang patahimikin.

Ang persona rito ang waring nakatalikod na imahen na minarapat na humarap at lumantad sa wakas. At ang humarap na táong ito ang susi upang manumbalik ang nawawalang katotohanan na una na niyang pinagtakpan at nilayuan. Ang paniniyak sa kaligtasan sa pagsasabi ng katotohanan ay nása paggamit sa salitáng mahuli na dalawa ang naging gámit. Sa pagkalagay nito sa hulíng bahagi ng taludtod, tinataglay nito ang mga kahulugang madakip ng mga tumutugis, at matapos nang hindi nakararating. Ang pagbabaling na ito sa pananalita ang naging paninimbang na ginawa ng persona. Ngunit may mga kinatatakutang mangyari sa kaniya na kailangang iwasan kayá ginawang lumantad sa halip na ikapahamak ang pagkukubli sa katotohanan na maaaring hinahanap o kinalimutan na ng iba.

## SA PAGYAO NG LIWANAG

Napapakò ang pangako sa tula at nagdudulot ito ng pagkawala ng paniniwala sa inaasahang solusyon sa mga suliraning itinatanghal. Sa pagpanaw ng pananalig sa katuparan ng pangako, namamatay din ang kakayahan ng tao na ipagpatúloy ang búhay dahil iniasa na lámang ang kinabukasan sa mga binitiwang salita. Sa pagpapakò at pagbabaligtad ng pangakong ito, inaakalang tuluyan nang lumisan ang taglay na kahulugan ng katagang ibinigay.

Kung sa simula, waring ibinibigay na ng tula ang kahulugan ng mensahe nito, iyon palá, iba ang pinatutungkulan na labas sa inaasahan gaya ng pag-iiba ng kahulugan ayon kay Roman Jakobson. Ang dahilan sa likod ng karahasang ito ay hindi para linlangin at talikuran ang pinangakuan; sa halip, ito ay panandaliang pagkaantala sa paglalahad ng hinihintay na katuparan. Tinalakay ito ni Derrida at ipinaliwanag niya kung paano nahuhúli at nahuhulí ang kahulugang pinatutungkulan sa tula at maging sa karaniwang pananalita. Aniya:

...the circulation of signs defers the moment in which we can encounter the thing itself, make it ours, consume or expend it, touch it, see it, intuit its presence.<sup>53</sup>

Sa madaling sabi, nararapat na maging matiyaga sa pag-unawa at pagtalunton ang nagnanais na matupad ang pangako sa tula. Ang ganitong paghahangad sa bagay na walang katiyakang mapasasakamay ay matutunghayan sa tulang “Akwaryum.” Tunghayan ang akda:

Minamasdan ko ang mga galaw mo  
kahit sa kabilang panig ang nasa  
sinasala ang ganda  
ng katawan, ang kinis  
ng kutis sa pagtingin lamang  
hanggang ako na  
ang nakahuli sa iyong pansin  
nang namalas mong minamasdan  
ang iyong mga galaw kahit nasa  
kabilang panig ka ng salaming  
nakatitig pabalik sa akin.  
Sa makitid na siwang, sinisilip mo

sa labas na maaari na  
kita sa labas  
ang pagpapakitang-loob ko.

Iniiiralan ng pagnanasa ang akda at namataan ng persona rito ang bágong obheto ng kaniyang masidhing kagustuhang ariin ang katawan ng minamasdan. Subalit hindi niya pa magagawang angkinin sapagkat may iba nang nakakuha sa nakursunadahan at waring wala nang pagkakataong mapunta sa kaniya. Ngunit sa sandaling ako na / ang nakahuli sa iyong pansin / nang namalas mong minamasdan / ang iyong mga galaw at dito, waring nababaligtad na ang nagsasalita at ipinadinig ang nilalaman ng isip ng nása kabiláng bahagi ng silid. Sa itinanghal na sitwasyon, naging kasangkapan ang salaming pumapagitna sa dalawa upang laruin at ilipat ang pananalita mula sa isang persona papunta sa iba. Sa paraang ito, tila napagtugma ang iniisip ng dalawang nagsasalita na may pagnanasa siláng makuha ang isa't isa kahit sa loob man ito ng bar. Ngunit dapat munang ilaan ang oras kasáma ang nakakuha sa kaniya at ipagpaliban muna sa ibang pagkakataon ang kanilang pagtatagpo at pag-uusap.

Kahit na sadyang naaantala sa akda ang ibinibigay na kahulugan, mababakás pa rin sa akda ang natitirang pag-asa ng katuparan gayong sa pagkapakò nito inaakalang wala nang nalalabing kahit hibla man ng pangako. Ipinaliliwanag ito ng trace na ayon kay Derrida ay:

Always differing and deferring, the trace is never as it is in the presentation of itself. It erases itself in presenting itself, muffles itself in resonating.<sup>54</sup>

Dahil sa dahas, tanging ang naiiwang bakás na ito ang kinakailangang sundin upang matagpuan ang kahulugang magbibigay ng bágong perspektiba. Sa paghahanap na inilarawan sa tulang “Aparisyon,” matutunton ang



kinaroroonan ng babaeng inaabangang makauwi sa pagdaan sa kakahuyan. Nang sa wakas ay matagpuan ng persona ang kaniyang hinahanap, tila iba ang natanaw niya mula sa maláyo. Narito ang akda:

Nang hindi nakabalik  
sa oras na pinag-usapan, dumating  
ang pag-aalalang hindi na  
muling makikita pa kaya  
nagpasiyang hanapin sa malalim  
nang gabi, sa labas ng monasteryo  
hanggang matagpuan ang birheng  
pinagsamantalahan, samantala, napako  
ang paningin sa dilim na nasa  
harapan lamang ang layo.  
At ang sigaw na hindi hinayaang  
makatakas mula sa bibig, hinayaang  
makatakas ang mga aninong  
naaninaw sa kapisasong ilaw,  
at lalong lamang luminaw  
na ibang babae na  
ang nasa aking harapan.

Naging saksi ang persona sa panggagahasa sa kaniyang kasamahan sa monasteryo. Sa kaniyang kagustuhang malaman ang kinaroroonan ng hinihintay na madre, masuwerteng dinatnan niya ang nangyayari subalit nagitla siya sa inabutang eksena, kayâ sa halip na matulungan niya ang kasáma, hindi niya sinadyang hinayaang / makatakas ang mga aninong / naiinaw sa kapisasong ilaw. Kung papansinin ang pag-uulit sa mga tunog ng magkakasunod at ang pagbanggit muli sa ilang mga nabanggit nang salita, mahihinuhang iba ang tumatakbo sa isip ng persona na marahil ay epekto

ng pagkasindak sa natunghayan. Sakali sanang naaninaw man niya ang mga mukha ng mga ito, magagawa niyang matunton kung sino sila at mahanap ang hustisya para sa kaniyang kasamang madre.

Gaya ito ng pagtalunton sa mga markang nakakalat sa kagubatan ng isang naliligaw para makabalik sa wastong daan nang makarating sa totoong patutunguhan at makalayô sa kapahamakang nakukubli sa kaibutaran ng kakahuyan. Ngunit dapat maging maingat sa pagtunton sa bakás dahil maaari itong maglaho kapag nalingat, at hinihingi na maging mapagmatiyag sa kakaunting inila had sa tula kung nais na matupad ang pangako, dahil ito ang makapagpapalayang buo sa pangakong dala sa akda.

Sa pagtalunton sa mga naiwang bakás at kagustuhang matagpuan ang inilaang pangako, maaaring hindi namamalayan na ang hinahanap na palá ang lumalapit. Sa layò ng tinatanaw sa patúloy na pagsisiyasat, may posibilidad na ang sukdulan ng pagsunod sa bakás ay magdadala rin palá sa sarili. Gaya halimbawa ng pag-uwi ng anak sa “Bisperas” ng Pasko. Narito ang ilang taludtod:

Bisperas pero patay ang lahat sa  
kanilang mga ilaw ngunit nagawa  
niyang makarating kahit na walang  
nakikitang bahay. Sa halip, nakita  
niya ang sarili sa kumakalat na  
larawan, akap-akap ng amang  
nabalot sa putik, nananangis  
sa kaniyang anak na nawala na.

Dito, binawi man ng trahedya ang búhay ng supling, ang naiwang kaluluwa naman ang humanap at nagnais na muling makapiling sa pagdiriwang ng kapaskuhan ang amang punô ng pighati sa sinapit ng paslit. Sa ganitong

pagkakataon nagiging mahalaga na madamang hindi tuluyang lumilisan ang mga mahal sa búhay at may natítirá siláng bakás para sa mga naulila.

Maaaring hinihintay lámang palá na tingnang muli nang maigi ang sarili, mula talampakan hanggang bumbunan. Kayâ naman ang pangakong magliligtas sa sarili ay ang sarili rin mismo na hindi kaagad nabibigyang pansin o hindi nasusubukang kumilos at gumawa upang mapagbuti ang kalagayan sa búhay. Mas mainam itong pagpipilian kung ihahambing sa pagtatápon ng sariling kapakanan at pagkitil sa sariling pag-asa at búhay kapag sumuko na at tumanggi nang hintayin ang katuparan ng kaligtasan.

Ang kamatayan ng kahulugan ng mga pangakong iniwan dahil sa pagkapakò sa wika ang nagtutúlak lalo sa tao na magpatúloy para makamtan ang katuparan. Tinatawid ang araw-araw gayong halos penitensiya na ring maituturing ang maging buháy at pag-saló sa mga sakít na dala nito. Pero pipiliin pa rin gaya ng mga nagsasalita sa tula ang kaharapin ang kasalukuyan para sa kapirasong posibilidad na sila’y bayád na sa paghihirap na tinitii at mabibiyayaan nang muli ng pangakong inaasam. Nabanggit sa naunang bahagi na ang pagpepenitensiya ay isinasagawa para hindi na makadagdag ng kasalanan. Pero binanggit ni Hornedo na ang mga nagpepenitensiya ay mga “atoners for whatever they believed to have been their wrongdoings during the past year.”<sup>55</sup> Ibig sabihin, alam nilang nása peligro ang búhay ngunit pinapasakitan pa rin ang katawan para sa kasalanang hinding hindi matitiyak ng nagpepenitensiya. Ito marahil ang dahilan ng pagtutol ng simbahan sa madugong gawain, na walang katiyakang mapapatawad sa kabila ng pagtitika at kasabay nito, ang isang paa ng nagsisisi ay nakalagay na sa hukay.

## ANG AKÒ SA PANGAKO

Kung babalikan ang pagbasag sa salitáng “pangako,” mapapansing hindi lámang pakò ang maaaring mabuo mula sa mga titik na nilalaman.

Halatang-halata rin ang “ako” sa loob nito, bagkus, kapag tiningnang muli ang depinasyon ng pangako sa UP Diksiyonaryo, nakasaad dito na pagsasama sa panlaping “pang” at “ako.” Ang salitáng ito gaya ng pagkakagamit sa tulang “Supling” ay nagtataglay ng dalawang kahulugan; bagaman pareho ang baybay, nagkakaiba naman sa ginagamit na tuldik na nagpapabago sa kahulugan. Ang “akó” na may tuldik pahilis ay pinatutungkulan ang sarili, habang ang “akò” na may tuldik paiwa naman ay pagkuha sa responsabilidad. Gayunman, maaaring tinutukoy pa rin nito ang indibidwal na nagdadala ng gawain ng iba kayâ sa pangangako, inaalisan ang pinangangakuan ng kahit anong bahid ng responsabilidad at iniaatang ito ng nagbibigay ng pangako sa kaniyang sarili.

Naging marahas muli sa pangako dahil kinailangang himayin ito at mabalikan ang ugat na magbubunyag sa esensiya ng pagbibigay ng salita. At ang karahasang ito ang nakapapakò at pumipigil sa katuparan ng pangako. Subalit ang dahas na ito rin ang muling nagpapalitaw sa tunay na dahilan kung bakit inilaan ang pangako, upang magbigay seguro. Sa pagbabasag sa kahulugan ng pangako, mauunawaang ang pinagbigyan nito ay nananangan o kumakapit sa salita sa buong panahong hinihintay na maganap ang katuparan. Bukod sa salita, nananangan din ang tao sa “akó” na nagsabing tutupad sa salita at ito ang dahilan kung bakit itinuturing na sagrado ang pangakong ibinibigay at kalapastanganan ang pagbasag sa salita.

Malayò pa man sa pasyon si Kristo, alam na Niyang naghihintay ang kamatayan Niya sa krus at karugtong ito ng muling pagkabuhay. Siya ang templong wawasakin ngunit muling itatayo makalipas ang tatlong araw. Isang malaking kahingian sa búhay Niya ang tanggaping lilisanin ang mundo sa paraang ipapataw ng mga sundalo upang mapatunayang hindi lámang ang propesiya, kundi pati ang batayan ng paniniwala ng bilyong Katoliko ngayon sa mundo. Nararapat munang yumao bago ito mapagtagumpayan at makamit ang búhay na walang hanggan. At nararapat na banatin at

hulmahin ng makata ang wika para mapakò ito sa krus. Kasabay ng mga salitáng piniling isama sa balangkas ng manunulat, naroroon pa rin ang bakás ng salita na mababása pero hindi ito madaling mamumukhaan nang basta-basta dahil sa pagwasak dito. Sa halip, pagkatapos ng puwersahang paglalagay sa krus, muling tumitindig ang wika, malaya na sa mga pakò, taglay na ang kahulugang ipinangako at ibibigay.

## ANG PAGLAYA NG TALINGHAGA

Ang pangangahas na lapastanganin ang ipinangakong Mesiyas sa krus ay naging dahilan upang isipin ng mga nakakikilala sa Kaniya na hindi na magaganap ang pangakong kaligtasan. Ganito rin ang nangyayari sa akda kapag waring napakò na ang pangakong itinatanghal; lumilitaw na namatay ang binitiwang salita ngunit ito ang pinagdaraanang pangako nang sa ganoon ay maunawaan ang talinghaga sa tula. Ipinaliwanag ito ng Rebecca T. Añonuevo sa kaniyang *Talinghaga ng Gana* (2003) nang sabihin niyang isang talinghaga ang pagkakatawang tao ni Hesus at kahit ng mga aral. Aniya:

Usap-usapan Siya kapag nagbibitiw ng salita na karaniwa'y taliwas sa inaasahan nila. Ang talinghaga ang kapangyarihan ng Kanyang mga aral. Kung minsan nga'y gumuhit lang siya sa lupa, at malalim na katahimikan ang iaabot sa mga nakaabang ng susunod Niyang hakbang. Lalong magugulumihanang ang mga hindi nakauunawa, subalit sa matamang nakikinig, may ibinubunyag na hiyas ang Kanyang mga aral.<sup>56</sup>

Sumasang-ayon ang pahayag na ito kay Jakobson hinggil sa hindi tuwirang pagtutumbas ng sinasabi sa pinatutungkulan na produkto ng karahasan

sa pananalita. Ang talinghaga, gaya ng katuparan ng pangako sa tula, ay nagmumula sa hindi inaasahang paraan at kinakailangan pang maging mapagmatiyag sa pag-unawa. Kung nais talagang matanggap ito, dapat ang umaasa sa pangako ay asahang ito ay hindi magaganap sa karaniwang paraan at pagkakataon.

Upang makuha ang tunay na sinasabi sa tula, makatutulong na ilaan ang atensiyon sa pananalita at kilatisin itong maigi, dahil ayon kay Añonuevo ang kapangyarihan ng talinghaga ay nása hindi sinasabi kaysa tuwirang sinasabi; o kayâ naman, ay nása pagitan ng mga sinasabi.<sup>57</sup> Ang pagtatagumpay ng ganitong mapagkubling paglalahad ay nagbubúhat sa paraan lámang ng pananalita sa akda. Hindi na dapat maging komplikado o mabango ang paghahayag kayâ sa karahasan sa karaniwang pananalita, mainam ang seleksiyon sa pinakaangkop na mga salita at ang kumbinasyon ng mga ito na magwawaring normal ang itinatanghal na boses sa tula.

Sa anyong ito, umiiral ang katangian ng farmakon ni Derrida sa tula upang maging katanggap-tanggap ang pananalitang tila karaniwan ngunit nagpapahiwatig; kung hindi man, nagbubunyag ng lalim at talim sa matamang nakikinig. Kung magiging maingat sa tinatanggap na pangako, maiiwasan ang tinutukoy na paglipas ng kahulugan sa umaasang makauunawa rito. Dagdag ni Añonuevo:

Napahihinunod tayo ng tula pagkat ang buong akala  
nati'y kabaligtaran palang dadaluhong habang tayo'y  
kumukuyakoy at hindi iyon alintana.<sup>58</sup>

Sa kalipunan ng tula, sumasapit ang katuparan ng pangako ngunit nilalampasan din nito ang mga kapos sa pagtitiyaga sa pag-aakalang walang kahihinatnan ang paghihintay. Halimbawa ng tulang naglalaman ng mga katangiang binanggit ang “Mi Deo:”

Kung maaari na hindi  
ipaliwanag ang sinasabi  
sa likod ng likha, sapat na

sa akin ang lumikha  
at idikit ang mukha ng gawa-  
gawang Diyos na may ari

ng lahat ng nasa  
loob ng silid.  
Ibaling man ang paningin, Diyos

ang makikita: tiket ng lotto,  
poster ng pulitiko, artistang  
nawalan ng ningning, ang lahat

ng pinaniwalaang maaaring  
maging Diyos ngayong hinaharap  
ang aking sarili sa krus.

Nang baklasin ang mga larawan,  
nanatili na ako  
mula sa pagkakapako.

Sa pambungad na saknong, may pag-aalinlangan ang persona na pag-usapan ang kaniyang sining at nais na hayaan ang likha na magsalita para sa kanilang sarili. Sa halip na direktang ipaliwanag, waring sinabi lámang paano niya nabuo ang mga likha. At nagsimula siya sa paglalahad sa hiling na magdikit sa iba-ibang representasyon ng Diyos gaya ng mga tiket at larawan ng mga tao. Naging payak ang pagsasalaysay ng persona ngunit ang bahaging ito ang

naglalahad ng malalim ngunit bumigong paniniwala sa magpapaginhawa sa búhay niya. Nangangahulugan ang lotto ay kayamanan, habang ang politiko ay para sa kaunlaran ng mamamayan, at ang artista ay para naman sa katanyagan. At dahil tila ibinabaling ang paninisi sa Diyos dito, ang nagsasalita ay nakaligtaang tingnang mas malalim ang mga inakalang solusyon sa suliranin, na ang punò at dulo ng pagkamit sa ginahawa ay ang sarili.

## PAG-AKÒ NG PANGAKO

Sa ganitong paglaya ng pangako mula sa pagkapakò at pagtaglay nito ng higit sa iisang kahulugan sa tula, isinasaalang-alang ang kakayahan nito na maging sagot sa napakaraming suliranin. Mula sa pagbasag sa “pangako,” bumabalik ang tunay na esensiya nito—ang maging “pang-akò,” at angkinin sa tula ang responsabilidad na tuparin sa wakas ang kabuluhang sinasadyang maipamalas ng pangako mula simula, na napakò dahil sa hindi pag-unawa. At sa huli, hindi na lámang kumpol ng mga salitáng binitiwang ang tula, nagiging instrumento na ito ng panunubos sa kalagayan ng tao. Ganito ang tingin ni Mesandel Virtusio Arguelles sa layunin sa tula sa “Pag-ako:”

Pag-ako ng responsabilidad ng pagsasatula ang pagtugon sa anumang suliraning ibig tugunan ng/sa tula sapagkat sa ganitong paraan maaaring maging mabunga ang anumang maitutugon, maaaring magkahalaga lalo na sa pangyayaring kay hirap basta-basta pangalanan.<sup>59</sup>

Para sa kalipunan ng tula, nangangahulugan ito na ang pangakong itinatanghal sa tula ay maaaring makasagot sa mga suliraning kinahaharap ng nagsasalita sa tula at umiiral din maging sa lipunang kinasasangkutan na



batayan ng pinapaksa ng akda. Subalit hindi magaganap ang pag-akò na ito kung ang pangako ay hindi nakaranas ng karahasan. Sapagkat kung nanatili sa karaniwan at inaasahang kahulugan ang tagatanggap nito, walang pagbabago ng pananaw na tataglayin at mababalewala ang ibibigay na kaligtasan. Sa madaling sabi, natutupad ang kaligtasan dahil napakò ang pangako sa tula.

Kung gayon, nilalaman ng tula ang pag-akò upang mapansin matapos ang matagal ng panahon na ang paksa nito ay hindi nalalayô sa katotohanan. At patúloy itong nangyayari at mangyayari pa maging bahagi man nito ang mga partikular na tao o hindi. Ganito ang mamamasdan sa “Hijo de Hombre” nang natanaw ng persona ang inaakalang kaaway na hindi niya sinasadyang mapatay. Tingnan ang hulíng saknong:

Sa gayong pagtanaw, wala nang ibang masipat  
sa asintahan ng riple kundi ang sariling  
kayang-kayang kitlin sa isang kalabit.  
At sa halip, napaslang ko ang tauhang paparating  
na papatid sa wakas sa aking uhaw  
at magbababa sa akin  
mula sa sariling-likhang krus.

Nagbabalik-tanaw ang persona sa sandaling kinalabit niya ang gatiyo na nagpakawala ng bala sa tagapagsagip niya. Dahil dito, tila siya ang binabalikan ng sariling konsensiya upang maisip na siya dapat ang namatay sa digmaan. Inilalahad sa pananalita ang kagustuhang iligtas ang manliligtas kahit wala sa posisyon para gawin ang hinahangad na pagbabaligtad sa mga papel na ginampanan.

## MULANG PAGKAPAKÒ HANGGANG RESUREKSIYON

Pinagbatayan ng koleksiyon ang iniwang pangako na magiging Daan, Katotohanan, at Liwanag ng Mesiyas na hanggang sa kasalukuyan ay inaabangan pa rin kung magkakatotoo. Sa pag-aabang sa panahon kung kailan ito magaganap, marami na ang nabago sa pagpapakahulugan sa pangakong ito at maraming pagsubok na rin ang bumuwag sa paniniwala rito. Ito ang dahilan ng salungat na paggamit sa batayang pangako sa mga bahagi ng kalipunan. Sa halip na Daan, Pagkaligaw ang mararating, kapalit ng Katotohanan ang Kasinungalingan, at, matatakluban ang Liwanag ng Karimlan. Ang tatlong kabaligtaran ng orihinal na pangako ang magsisilbi namang batayan ng pagkakapangkat ng mga tula.

Ang pagkawala kahit na patúloy ang pagtunton sa wastong daan ang nilalaman ng Pagkaligaw. Nabubuo ang lahat sa pag-iisip na magiging mabuti ang lahat at nangyayari ito sa pagsisimula ng isang bágong yugto sa búhay. Dito nag-uumpisa ang paniniwala. Ito ang nagiging pinto sa daang lalakbayin sa mahabang panahon kahit walang katiyakan kung ano ang mararating sa sukduhan ng piniling tahakin. Pinili ang sumpaang sa “Tipan” at ang paglalakad bílang mag-asawa sa pasilyo upang ilunsad ang pagkaligaw sa daan. At sinusundan ito ng pag-alis at tuluyang paggalugad sa hinahanap sa “Empake,” “Tawad,” “Panata,” at “Billboard.” Samantala, ang kalikasán ng tao na makaalis at magpatúloy sa nais ang nilalaman ng “Kulong,” “Sa Tayuman,” at “Ang Susunod na Kristo.” Habang ang “Balik-Taya,” “Victor,” “Kristo,” at “Sajid Bulig” ay naglalarawan ng kawalan ng pagbabago gayong lumisan para sa mas maginhawang búhay. Ngunit sa “Asetiko,” ang totoo ay hindi lahat masasagip dahil sa hulí, hindi talaga nakalalayô kahit ipagpatúloy ang paghahanap.

Ang pagtanggap at pananangan sa inaakalang katotohanan ang itinatanghal sa Kasinungalingan. Ang paniniwalang nagtúlak sa simula na tahakin ang daan ang mahigpit na tangan ngunit sa pagkaligaw, nagiging

dahilan ito upang talikdan ang paniniwala at kalimutang may hinahangad na kabutihan para sa sarili. Sa pagpapatúloy mula sa pagkaligaw, walang ibang dapat sabihin sa kabila ng pag-alis “Sa Pamamaalam” na sinusundan ng muling pagpapaalala sa inabandonang daan sa “Tawaran” at “Hijo de Hombre” na dapat ipagpatúloy. Subalit dahil ang nanunumbalik ay hindi pagtupad sa sinabi gaya sa “Judiel,” hindi maiiwasang ilabas ang samâ ng loob na naipon sa “Protesta” at “Sermon” o kayâ, tuyain ang nananangan pa rin sa paniniwala gaya ng ginawa “Sa Madaling Salita” at “Sa Cutud” upang subukin ang hanggahan ng iba. Ngunit dapat maging handa sa maaaring ilahad na makagigimbal sa lahat inaakalang matatanggap na inilarawan “Sa Betis at Ang Nalalabi sa Patunay” na tuluyang magtutúlak na talikdan ang lahat. Gayunman, bakâ sa paghahanap, posibleng wala talagang mailalahad na katotohanan na nangyari sa “Baling” at “Lalang.” Bago pa man sabihing kasinungalingan ang lahat, may kakayahang magkubli ng katotohanan ang tao na ikinakaila pa sa “Kumpisal at Mi Deo.”

Pagpapasakop sa maraming anyo ng dilim at pagkawala ng búhay ang paksa ng Karimlan. Sa pagkakalugmok sa kawalan at kakulangan ng mapaniniwalaan, humahakbang na tungò sa kadiliman ang naghahangad ng kaliwanagan sa búhay. Ito ang nagiging dahilan ng kamatayan ng pag-asang manatiling buháy at naririto ang hulíng pagkakataon upang ibalik ang lahat kung paano ito unang inilaan para maunawaan. Sapagkat may matatamong biyaya kahit patapos na ang lahat maging ang pananatili sa mundo na dinanas sa “Kaarawan” at “Pasan.” Sa kabiláng bandá, maaaring bawiin ang sigla at kabataan anumang sandali nang walang nagagawa upang tuntunin ang daan gaya ng pagbawi sa “Sayawan” at “Kabòd.” Habang ang kamatayan ng mahal sa búhay ay nagiging sanhi upang ang naulila ay magtaglay ng lakas at pang-unawa para sila ang tumahak sa daan na sinundan sa “Tuwing Tumatawid” at “Princess of the Stars.” Ang mga nasasaksihan araw-araw ay sumisira sa pananaw kayâ nawawalan maging ng kakayahan upang gumawa ng nararapat

at nagiging katwiran ang pag-iwas na maging kasangkot ang inilarawan sa “Aparisyon” at “Retratista.” Kung nais talagang maibalik ang pangako at ang wastong daan, hinihiling na maging mapanimbang at mapagbulay bago gumawa ng anupamang gawain “Sa Panahon na Walang Panahon” at “Manikurista.” Higit pa rito, kailangang balikan ang sarili at tingnan ang nagiging pagbabago sa kaakuhan na nagligaw sa sarili upang humantong sa kinalalagyan, at ito ang sinubok na masilip sa “Akwaryum,” “Bisperas,” at “Supling.”

Mapapansin sa pagkakasunod-sunod na disenyo ng koleksiyon ang pagtanggap na ibigay ang mga pangako na sanhi ng umuulit na pagkapakò sa bawat sitwasyon. Ang pagtanggap sa pasakit ang tanging paraan para makabayad sa kamunduhang hatid ng galak at sarap na ipinagbabawal, na ayon kay Hornedo ay:

To somehow pay God the debt of illicit pleasures, one must magpenitensiya understood not as chiefly pagbabalik-loob but as a literally pagpapasan ng krus and pagpepenitensiya in the form of self-flagellation unto the blood.<sup>60</sup>

Sabihin mang peligroso ang paglalagay ng sarili sa kalagayang tila hindi matatapos, gaya ng krusipiksiyon, gagawin at gagawin ito bílang anyo ng pagsisi. Sa ganoon, mapapanumbalik ang relasyon sa Diyos na nasira ng pagkakasála. Ipahahamak ng tao ang sarili, araw-araw kung kinakailangan, upang ituwid ang kaniyang pagkakamali. Maaaring ikamatay ang bawat lumipas na sandali ng pagpapakò para mabuhay nang muli sa kinabukasan na walang bahid, malinis sa kasalanan. At lagi’t laging magpaparaya sa krus nang makatanggap ng pagpapatawad at biyaya.

Tinatawid ng ganitong pagpapabalik-balik sa krusipiksiyon ang kabuuan ng koleksiyon ng tula na madaling matatagpuan sa “Tipan,” “Sa

Pamamaalam,” at “Supling.” Magkakaugnay ang tatlong akda dahil sa paksang pag-ibig at pamilya pero puwedeng tingnan na magkakarugtong na nag-uumpisa sa kasal, na humantong sa pag-aalitan, at nagwawakas sa pagbawi sa anak. Dahil nakakalat ang mga ito sa kalipunan, mahihiwatigang bahagi ito ng umuulit na pagpapakò ng sarili na pangkalahatang tema nito. Ngunit sa magkakahiwalay na tula rin magkasanib na nagaganap ang pagkabigo ng pangako ng Daan, Katotohanan, at Liwanag na nagdudulot ng pagkapakò. Narito ang ilang sакnong ng “Sa Pagwawakas ng Pag-iisa:”

sa aking daliri ang walang hanggan.

Habang kanina lamang, ako

ang sumumpa ng tapat na

pag-ibig sa iyo, ipinasakamay

ang bigat ng bigay

na salita na tangan natin

sa magkadaop na palad

sa mabagal nating paglakad

sa namumulang gayak nitong pasilyo.

Punò ng panunumpa ng tunay na nadarama ang kasal at ang kanilang binigay na salita sa isa't isa ang matatawag na nagpapaningning sa simula ng pagsasama bílang magkabiyaك. Subalit pansining kailangang dalhin habambuhay ng magkasintahan ang bigat ng kanilang wika na dadalhin na nila sa isang bágong daan papalabas ng dambana at patungo sa realidad ng pag-aasawa. Ganito rin ang bisa ng matahimik na sagútan sa “Sa Pamamaalam.” Masdan ang mga taludtod nito:

Habang ang bibig ko'y puno  
ng katahimikan.

Sapagkat ito ang pagkakataon  
upang gulatin mo ako ng iyong sasabihin.

Bakit hindi ka magsalita?  
Sa pananahimik lamang ba nagwiwika

ang pamamaalam? Nagbabanta kang  
lumisan ngunit naunahan ka pang lumisan

ng iyong mga salita.  
Ngayon, akma kang magbibitaw

ng mga salita.

Dito, ang panghahamon na magsalita ang kausap ay paraan upang mabigyang liwanag ang alitan upang matugunan at ayusin ang suliranin, habang ang iniisip nang pag-aalis ng iniibig ay isang madaling paglabas lámang sa relasyon para putulin na ang ugnayan na parehong walang kahihinatnan, manatili man o hindi. At mahalaga ang waring pagbuka ng bibig dahil sa wakas, malalaman ang tumatakbo sa isip ngunit walang katiyakan at mananatiling nása dilim ang personang naghihintay makarinig ng katotohanan. Habang sa pangwakas ng tulang “Supling” nananaig ang kabiguan:

na umalis. Kapag sapat na  
ang naiipon, binabalik-  
balikan niya ang dating kinakasama para ibalik

sa kaniya ang anak na lumalaki na  
walang ina. Noon pa lamang,

nang matanaw ang dalawa mula sa bintana,  
sa likod kurtina, waring sila pa rin

ang mga magulang kahit anino na lamang  
ang nakikita. Sa kanila:  
ako ang anak ngunit hindi na ako

yaong natatanaw ko ngayon.

Paulit-ulit ang pagtatangka ng ina na bumalik at kunin sa poder niya ang anak at ito ang nagdadala sa kaniya ng hiras tuwing kinakaharap ang dáting kinakasama. Pero sa paningin ng bata, wala siyang natatanaw na maliwanag na búkas sa kanila sapagkat hindi na sila ang nakikilala at kinilalang magulang kayâ tatalikuran niya ang uganayan sa mga magulang at kusang hihiwalay sa kanila at magiging estranghero.

Ang paisa-isang pag-iral ng mga pangako sa ibang tula ay mahihiwatigan ng kahirapang kumawala mula sa kani-kanilang krusipiksiyon. Samantalang ang tatlong halimbawa ay patúloy sa pananangan sa lahat ng ibinigay na pangako kayâ lubhang umiigting ang kabiguan at mas malalim ang pagbaón ng mga pakò sa wika. Sa kabila ng dahas na sinapit, higit na malaki ang kapalit na matatanggap para sa hindi bumitaw at nagpatúloy na nananalig.

## KONGKLUSYON

Makikita ang napakòng pangako sa tula kung nauunawaan kung paano umiiral ang karahasan sa salitáng ginamit sa akda. Ang pangkalahatang tema ng koleksiyon ay nakabatay sa sinabi ni Jakobson na ang tula ay pagiging organisadong karahasan sa karaniwang pananalitang nilalaman ng bawat akda. Kinakailangan ang marahas ng kaayusan sa bawat elemento dahil sa paraang ito, nabubukod ang tula sa ibang anyo ng pantikan.

Naiiba rin ang tula sa disenyong pinipili sa paglalahad ng detalye na isang karahasan din sa normal na daloy ng wika. Subalit kailangan ito para makatulong sa paksang tinatalakay ng akda nang sa ganoon, ang sinasabi at ang tinutukoy nito ay hindi maglaman ng inaasahang kahulugan. Ang dahilan sa likod ng ganitong tumbásan ay para mapanatili ang pagiging mapagmatiyag at hindi maging awtomatiko ang lahat. Kayâ sa tula, aakalaing ang ibinigay na pangako ay hindi nagaganap sapagkat hindi nito tuwirang ipinakikita ang pinatutungkulang katuparan.

Kung ganito nagiging marahas sa salita at sa tula, ang pangako rin ay maaaring dahasin sa pamamagitan ng pagbabasag sa kabuuan nito upang humanap at lumikha ng ibang kahulugang mapagsasama mula sa mga bahaging sinira. At sa “pangako” nahango ang “pakò” na nagiging dahilan ng hindi pagkatupad nito na itinatanghal sa mga tula. Kung paanong naiiba ang ibig sabihin sa “pangako,” ganito rin napapalitan ang pagtingin sa pangako bílang tema; nagiging simula at lumilikha ito ng pagkakataong mamamagitan sa hinahangad na katuparan.

Ang ibinibigay na pangako ay nagiging paalala lámang ng inaasam na kaligtasan sa kahihintay sa katuparan nito. Dahil hindi basta ibinibigay ang katumbas na kahulugan nito sa tula, hindi na rin tuwirang inuunawa ang katuparang taglay nito. Upang makamtan ito, may ilan pang dapat pagdaanan ang nagnanais na makatanggap ng biyaya ng pangako.



Dahil isang paalala ng pangakong hinihintay ang ipinakikita sa tula, dinaranas muli ng persona o tauhan nito ang hiraap na dati nang pinagdaanan. Kung bagá, isang pagsubok ang pagpaparanas muli nang sa ganoon, magtaglay ng higit na malalim na pag-unawa sa mga dáting paghihirap at ito ang magbibigay ng bágong pananaw hinggil sa dáting sarili at sa pakikitungo sa lipunang kinasasangkutan. Kasabay ng muling pagdaan sa hiraap ay ang marahas na paghulma naman sa pagtingin sa pangako na nagtataglay ng inaasahang kahulugan. Dahil ito ay napakò, idagdag pa ang sakripisyong dinanas, ang kasalungat ng sinasabing katuparan ang tinatanggap bílang katotohanan sa tula.

Natatabunan ng masamâng saloobin ang kabutihang taglay sana ng pangako at sa halip na manatiling umaasa, tinalalikdan na ito at hinahayaan na lámang sa halip na manatiling umaasa, tinalalikdan na ito at hinahayaan na lámang. Sanhi ito ng hindi karaniwang paraan ng pananalita at pati na rin ng disenyo ng tula na sinadya upang piliing maigi kung paano mailalahad ang pangako at ang katuparan nito. Subalit ito rin ang umaantala sa pagtanggap sa katotohanang nakukubli; bagaman panandalian, ito ay nagtutúlak upang ang naunang pagkakaunawa, na maaaring salungat sa tunay na kahulugan, ang tinatanggap bílang katotohanan.

Nararapat na maging marahas sa pangako, dahil dito lámang mauunawaan na dalá nito ang sariling pagkapakò, na likás sa binitiwang salita na maudlot, maantala, o tuluyang mapakò. Kung hindi ito gagawin, hindi rin malilinan na kahit napapakò ito, ang parehong dahas ang naghahango sa pagbabalik ng ugat ng pangako, ang pag-akò. Ibig sabihin, ordinaryo para sa pangako na pagdaanan ang hiraap ng pagkabasag at pagbubuong muli para maging malinaw ang layunin kung bakit ibinibigay ang paniniguro sa pinangangakuan.

Sa tula, kapag waring walang pag-asang matuloy pa ang pangako, kapag isinuko na ng persona ang paghihintay, dito lalong hinihingi na

maging mapagmatiyag sa kakaunting inilalahad. Maaaring dito nananahan ang pagpapahiwatig sa tula at ng talinghaga na may dalá sa katuparan ng hinihintay na pangako. Dahil sa mga hindi inaasahang paraan at pagkakataon, may posibilidad na maunawaan ang mga bagay na hindi karaniwang nakikita. Sinusubok ang pagkakaroon ng pananaw na hindi maging awtomatiko lámang at mapahalagahan nang mas malalim ang kaligiran bukod pa sa dáting nalalaman hinggil dito.

Ang paglawak ng pang-unawa at paglayò ng pananaw ang nagbibigay ng kakayahan para matanggap nang buo ang iniaalay na katuparan ng pangako. Sa paglaya ng pangakong napakò, sunod na hinihingi nito ang esensiya kung bakit ito nabuo. Gagampanan ng pangako ang responsabilidad na maging solusyon para sa lahat ng paghihirap ng tao sa lipunan. Ang pag-angking ito sa pasákit na nadarama ng karamihan ang magtuturo upang muling tuntunin ang tamang daan na magtuturo sa katotohanang naghihintay na maunawaan. At ang pag-unawang ito ang magbibigay liwanag sa naghihingalong kondisyon sa búhay ng tao sa kasalukuyan.

Lumilitaw na penitensiya ang lagi't laging binabalikan ng mga nais magsisi at ang krus ang balangkas na kanilang kinahuhulugan bílang anyo ng pagtitika. Higit na pinipiling gawin ito nang paulit-ulit, dahil sa halip, kawalan ng pagpapatawad at biyaya ang naghihintay. Maaaring patas ang gayong pagtatapat ng parusa at pabuya pero hindi pantay ang pananaw sa pisikal na pagpaparusa at sa dalisay na pagbabago ng pag-iisip at paggawa. Mahihinuhang mas mahalaga ang pagkilos sa paningin ng Diyos kahit na inilalagay ang sariling búhay sa peligrong makapagdudulot ng kamatayan. Sa kabila ng lahat ng pasákit, malaki ang posibilidad na wala itong kahahantungan at madaragdagan lámang ang lalabaging mga batas—ang pagkitil sa sarili, sadyain man o hindi.

Kayâ sa buong koleksiyon, halata man ang literal na krusipiksiyon na pangunahing imahen at dramatikong sitwasyon, tumataliwas naman sa

pagpapakò ang ilang akda rito na tumatawid mula sa una hanggang huling tula. Gaya ng nabanggit sa sinusundang mga bahagi ng pag-aaral na ito, higit na malalim ang pagpapatúloy na mabuhay bílang penitensiya at katuwang nito ang madama at sapitin ang marami pang anyo ng sákit na matatamo. Higit na matapang ang táong pinipiling humarap sa mundo at batid na may parusang hatid o ligayang babawiin na mas mabigat pa sa anumang pagpepenitensiya at tiyak na mas makabuluhan ang epekto nito kapag dumating sa wastong panahon habang nabubuhay.



IKALAWANG BAHAGI  
MULA SA PAG NAPA KÒ  
ANG PANGAKO



## Tipan

Sa pagwawakas ng pag-iisang  
dibdib natin, tinanggap ko

ang pagsumpa mo ng hirap  
at ginhawa nang isinusuot mo

sa aking daliri ang walang hanggan.  
Habang kanina lamang, ako

ang sumumpa ng tapat na  
pag-ibig sa iyo, ipinasakamay

ang bigat ng bigay  
na salita na tangan natin

sa magkadaop na palad  
sa mabagal nating paglakad

sa namumulang gayak nitong pasilyo.

## Empake

Ganito ko naisip na uuwi  
ang ina kahit hindi pa naman  
nakaaalis at inilapag lamang  
ang binuhat na maleta.

Binubuksan ang bagaheng  
puno ng mga bilin na pasalubong  
na isa-isa niyang inilalabas: mamahaling  
laruan, bagong damit, at masarap  
na makakain.

Tinatanggal niya lahat  
ng nagpapabigat sa loob at muli,  
tatangkaing buhatin ang bigat  
ng dadalhin sa takdang panahon,  
sa pangakong agad na babalik.



## Tawad

Gaya ng mga nauna,  
nagsimula siya sa bungad

ng alinlangan ngunit nakaluhod na  
nagpatuloy sa pasilyong

kumikitid sa pagsalubong  
ng mga titig sa kaniyang pagpasok.

At agad niyang inabutan  
ang bawat isa ng sobreng

nilamnan ng pag-asang sapat  
ang malilikom sa maghapon.

Pagdating sa dulo, hinubaran niya  
ang hubad nang katawan

at ipinampunas sa paa ng mga pasahero  
ang pag-usal sa mga dasal.

Nang muli niyang matipon  
ang ikinalat na kahihyan,

lumagos sa magkabilang kamay  
ang inilakip na patawad.

## Panata

1

Hanggang sa huling beses,  
inihanda niya ang kakailanganin:  
ang katawang  
hindi niya kinalagan  
mula sa pagkakagapos  
sa tinutupdang panata.  
At sa halip, hinigpitan pang lalo  
ang bawat buhol ng kaniyang pamalo  
upang walang mapigtal  
sa mga taon na binilang.  
Batid niyang kapalit  
ang pag-ulit mula sa simula.

2

Papalapit sa mga nag-aabang,  
nadidinig niya ang pagsalubong  
ng mga bulong sa kaniyang pagdaan.

Tila inalam ang mukha sa katawang  
nagkasala. Wala siyang mukhang  
maiharap sa kanila.

Sa itim na itim na telang  
nakabalot sa kaniyang ulo, nakakubli rin  
ang mukha ng mga nanghuhusga.

3

Sumasabay ang kaniyang paghakbang  
sa walang tigil na ritmong nililikha

sa bawat paglagapak  
ng pamalo sa kaniyang likod—

kaliwa, kanan, kaliwa,  
kanan, at muli, tinutunton niya

ang sariling daan patungo  
sa kapatawaran.

## Billboard

Sa bawat gabing dumaraan  
ako sa pag-uwi, ang pagod  
parang nawawala kapag nakikita  
na kita, ang mukhang  
dayuhan sa akin.  
Gaya ng gabing ito  
na ayaw na  
ayaw ko pang dumating  
agad sa uuwian at matagal na  
masilayan ang mukhang maaaring  
palitan kailanman naisin  
at mukhang hindi  
maaari kahit nais lamang  
na tingalain din sa pagkakataskil.

## Kulong

Pinagbuksan mo ako ng pinto  
at pinalalabas mo na  
ako'y malaya at malayo  
na mapahamak tuwing hahanapin  
ang iyong amang nawala na.  
Kinakaladkad ang sariling  
mga paa ngunit hindi marating  
ang bungad sa takot  
umabot sa dulo  
ng iyong pasensiya  
at ikandado lamang muli.  
Waring malawak na  
ang hawla o ako ang lumiit  
sa loob sa tagal na nakapiit.  
Pinagbigyan mo rin ang nakatakas  
na tinig kong nagsawa  
na magkasya sa paglilibot  
ng paningin kapag napagal  
sa pagkalampag sa rehas.  
Pinagbuksan mo ako ng pinto  
ngunit lalabas ako  
na hindi na ako.

## Sa Tayuman

Tumalilis lamang ang kanilang tingin  
kahit tinawag mo sila upang sumaklolo.

Ngunit lahat sila'y nagitla  
nang ika'y ninakawan.

Saksi ang mga Santo, Maria,  
at Kristong nakahilera lamang sa bangketa.

Wala silang nagawa kundi panoorin ka.

## Ang Susunod na Kristo

1

Pinasan muna niya ang mga sala  
bago binuhat sa balikat ang krus  
at saka tinahak ang mga yapak  
ni Hesus sa lupa.

Kuhang-kuha ang bawat eksena  
hanggang sa huling hakbang.  
Iniwan niya ang lahat  
maliban sa dating sarili.

2

Naipapasa ang pinapasan na krus,  
napapasaibang palad ang pagbaon ng mga pako  
bagaman hindi tiyak ang kaligtasan.

3

Ito ang pilang hindi napatid ninuman.  
Lahat kami'y naghihintay na mapalitan ka.



## Balik-taya

Nagpatuloy ka lamang sa ilang  
buwan nang pag-aalaga

sa mga numerong hindi hinayaang  
malukot sa iyong palad.

Pagtaya mo sa lahat-  
lahat na nais lamang

na tamaan sa wakas  
ang premyong maaari,

naisip mo nang sumuko  
dahil nalubos na

ang pantaya, naubos  
ang pananampalataya

kahit may nanalo  
kagabi: numero mo.

## Victor

Sa napipintong paglabas mo  
sa palabas na pagpapako,  
bumaba ka at lalong nabaon  
sa palad ang palad  
na hindi ako ganap  
na magiging Kristo.  
Ngunit sinimulan ko nang tahakin  
ang haba ng iyong kalbaryo  
upang makasunod sa iyo  
kahit hindi na masusunod  
ang nakatakdang pagpapasa  
sa akin ng krus  
na papasanin sa sariling balikat.  
Bumibigat ang kawalan  
ng parusa na parang pinatawan din  
ako ng parusa.

## **Kristo**

Ang dami ng aking tinawag.

Ngunit iilan lamang  
ang tumugon at nagpaubaya  
sa akin ng lahat.

Batid ko ang nakasalalay  
sa aking mga kamay,

ang mapapalad na  
maisasalba ang itinayang salapi.

## Sajid Bulig

Walang alinlangang

lumusong

sa mas malalim na

bahagi ng ilog ang bata

upang sagipin ang mga debotong

nangalulunod sa nilusong nilang

malalim na pananalig

nang lumubog ang pagodang

lulan nila sa pagbigat

ng mga sakay at sa bigat

ng dinadalang mga sala.

Sa sandali, sila ang tagasunod

na nalubog nang tangkaing sumunod

sa mga yapak sa tubig.

Kaya lalanguyin ng bata

ang dilim mula sa pampang

kahit nauna na niyang nailigtas

ang sarili at binalikan

ang hindi nailigtas ng panalangin.

## Asetiko

At hindi nagtagal, nakita nila  
ang sarili, pasalubong sa isa't isa.

Nagawa nilang hawiin ang dagat  
ng mga taong nakaharang  
sa kanilang pagdaan. Ngayon, hindi na

maaaring umiwas sa paparating.  
Umiiwas silang magtagpo  
ang mga paningin kahit hindi nila nais

makita ang kinakaharap mula  
sa pag-apak ng talampakang nagkukubli

sa mga kalyo, nalalaglag nang salawal  
sa luwag, libag na kapit na kapit  
sa kaniyang balat, buhol-buhol na buhok—  
ang paalala ng dating katawang

pinabayaan nang lahat sa nasang  
makawala sa lahat ng pagnanasa.

Ang natatanging pagtangga sa ginhawa  
ngayo'y hindi na natatangi.

Sa pagtatapat, kusa nilang nilampasan  
ang isa't isa at nagpatuloy na  
kalimutan ang sariling nakalimutang talikdan.

At sabay silang nagsalita, kausap  
ang wala sa kanilang harap.

# DULONG TALÂ

<sup>1</sup>Eliot, T. S. "Religion and Literature." Scott, Wilbur S. *Five Approaches To Literary Criticism*. New York: Collier Books, 1966. 48.

<sup>2</sup>Dimalanta, Ophelia Alcantara. "Literature and Religion." Tomas Vol. 2 Issue 1. Ed. Cristina Pantoja Hidalgo. Manila: UST Center For Creative Writing and Studies, 2012. 183.

<sup>3</sup>Dimalanta, Ophelia Alcantara. 184.

<sup>4</sup>Eliot, T. S. 48.

<sup>5</sup>Eliot, T. S. 47.

<sup>6</sup>Dimalanta, Ophelia Alcantara. 185.

<sup>7</sup>de Belen, Gaspar Aquino. *Mahal na Passion ni Jesu Christong Panginoon Natin na Tola*. Ed. S.J. Rene B. Javellana. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1990. 149.

<sup>8</sup>de Belen, Gaspar Aquino. 150.

<sup>9</sup>de Belen, Gaspar Aquino. 156.

<sup>10</sup>de Belen, Gaspar Aquino. 159.

<sup>11</sup>de Belen, Gaspar Aquino. 162.

<sup>12</sup>de San Jose, Francisco Blancas, O.P. *Memorial de la Vida Christiana en Lengua Tagala*. Reimpresa en la Imprenta de D. Jose Maria Dayot, por Tomas Oliva. 1835. 28.

<sup>13</sup>de San Jose, Francisco Blancas, O.P. 18.

<sup>14</sup>Baylen, Teo S. *Tinig ng Darating at Iba pang Tula*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2001. 53.

<sup>15</sup>Baylen, Teo S. 226.



<sup>16</sup> Baylen, Teo S. 250.

<sup>17</sup> Baylen, Teo S. 213.

<sup>18</sup> Baylen, Teo S. 218.

<sup>19</sup> Alejo, Albert Eduave, S.J. *Sanayan Lang Ang Pagpatay*. High Chair. 2016, 21.

<sup>20</sup> Alejo, Albert Eduave, S.J. 119.

<sup>21</sup> Alma, Rio. *Sonetos Postumos*. Quezon City: University of The Philippines Press, 2004, 22.

<sup>22</sup> Alma, Rio. 29.

<sup>23</sup> Alma, Rio. 40.

<sup>24</sup> Alma, Rio. 42.

<sup>25</sup> Alma, Rio. 65.

<sup>26</sup> Popa, Allan. *Maari: Mga Bago at Piling Tula*. Quezon City: University of The Philippines Press, 2004. 55.

<sup>27</sup> Popa, Allan. 64.

<sup>28</sup> Popa, Allan. 52.

<sup>29</sup> Añonuevo, Rebecca T. *Talinghaga ng Gana: Ang Banal sa mga Piling Tulang Tagalog ng ika-20 Siglo*. Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2003. 114.

<sup>30</sup> Hornedo, Florentino H. *The Favor of The Gods*. Manila: University of Santo Tomas, 2001. 174.

<sup>31</sup> de Belen, Gaspar Aquino. *Mahal na Passion ni Jesu Christong Panginoon Natin na Tola*. Ed. S.J. Rene B. Javellana. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1990. 156.

<sup>32</sup> Lumbera, Bienvenido L., *Tagalog Poetry 1570-1898: Tradition and Influences in its Development*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1986. 60.

<sup>33</sup> de San Jose, Francisco Blancas, O.P., *Sermones PULONG: Sources for Philippine Studies*. Ed. Jose Mario C. Francisco, S.J., Quezon City: Ateneo de Manila University, 1994. 233.

<sup>34</sup> de San Jose, Francisco Blancas, O.P., *Memorial de la Vida Christiana en Lengua Tagala*. Reimpresa en la Imprenta de D. Jose Maria Dayot, por Tomas Oliva. 1835. 18.

<sup>35</sup> de San Jose, Francisco Blancas, O.P., *Memorial de la Vida Christiana en Lengua Tagala*. 21.

<sup>36</sup>“Salita.” *Diksyunaryo – Tesaurus: Pilipino – Ingles*. Lungsod Quezon. Manlapaz Publishing Co. 1972.

<sup>37</sup>“Sumpa.” *Diksyunaryo – Tesaurus: Pilipino – Ingles*. Lungsod Quezon. Manlapaz Publishing Co. 1972.

<sup>38</sup>“Pangako.” *UP Diksyonaryong Filipino*. Pasig: Anvil Publishing, 2010.

<sup>39</sup>Sipi mula kay Erlich, Victor. “X. Basic Concepts.” *Russian Formalism: History – Doctrine*. 2nd Rev. ed. The Hague: Mouton, 1965. 181.

<sup>40</sup> Sipi mula kay Erlich, Victor. “XII. Verse Structure: Sound and Meaning.” 219.

<sup>41</sup> Jakobson, Roman. “mula sa Linguistics and Poetics.” *The Norton Anthology of Theory and Criticism*. Ed. Vincent B Leitch. New York: W.W. Norton & Company, Inc., 2001. 1259.

<sup>42</sup>Jakobson, Roman. “mula sa Linguistics and Poetics.” 1265.

<sup>43</sup> Sipi mula kay Erlich, Victor. 173.

<sup>44</sup>Jakobson, Roman. “mula sa Linguistics and Poetics.” 1259.

<sup>45</sup> Jakobson, Roman. "from Linguistics and Poetics." 1265.

<sup>46</sup> Almario, Virgilio S. *Pitong Bundok ng Haraya*. Manila. University of Santo Tomas Publishing House, 2010. 97.

<sup>47</sup> Hornedo, Florentino H. *The Favor of The Gods*. Manila: University of Santo Tomas, 2001, 157.

<sup>48</sup> *Magandang Balita Para Sa Ating Panahon Tagalog Popular Version*. Maynila: Philippine Bible Society, 1980. Jn. 14:6-7.

<sup>49</sup> Sipi mula kay Erlich, Victor. 181.

<sup>50</sup> Sipi mula kay Erlich, Victor. 219.

<sup>51</sup> Derrida, Jacques. "from Dissemination." *The Norton Anthology of Theory and Criticism*. Ed. Vincent B Leitch. New York: W.W. Norton & Company, Inc., 2001. 1835.

<sup>52</sup> Derrida, Jacques. "from Dissemination." 1853.

<sup>53</sup> Derrida, Jacques. "Différance." *Margins of Philosophy*. Trans. David Allison. Sussex: The Harvester Press Limited, 1982. 9.

<sup>54</sup> Derrida, Jacques. "Différance." 23.

<sup>55</sup> Hornedo, Florentino H. *The Favor of The Gods*. Manila: University of Santo Tomas, 2001. 11.

<sup>56</sup> Añonuevo, Rebecca T. 114.

<sup>57</sup> Añonuevo, Rebecca T. 115.

<sup>58</sup> Añonuevo, Rebecca T. 115.

<sup>59</sup> Arguelles, Mesandel Virtusio. *Pilas ng Papel*. Manila: De La Salle University Publishing House, 2014. 25.

<sup>60</sup> Hornedo, Florentino H. *The Favor of The Gods*. Manila: University of Santo Tomas, 2001. 174.

## MGA AKDANG SINIPI

- Alejo, Albert E. S.J. *Sanayan Lang Ang Pagpatay*. Quezon City: High Chair, 2016.
- Alma, Rio. *Sonetos Postumos*. Quezon City: University of The Philippines, 2004.
- Almario, Virgilio S. *Pitong Bundok ng Haraya*. Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2010.
- Ed. Virgilio S. Almario. *UP Diksyonaryong Filipino*. Pasig: Anvil Publishing, 2010.
- Añonuevo, Rebecca T. *Talinghaga ng Gana: Ang Banal sa mga Piling Tulang Tagalog ng ika-20 Siglo*. Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2003.
- Antonio, Teo T. *Distrungka*. Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2012.
- Arguelles, Mesandel Virtusio. *Alingaw*. Quezon City: High Chair, 2010.
- Arguelles, Mesandel Virtusio. *Pilas ng Papel*. Manila: De La Salle University Publishing House, 2014.
- Bautista, Cirilo F. *Breaking Signs: Letures on Literature and Semiotics*. Manila: De La Salle University Press, 1990.
- Bautista, Cirilo F. *Sugat ng Salita*. Manila: De La Salle University Press, 1986.
- Baylen, Teo S. *Tinig ng Darating at Iba pang Tula*. pinili at binigyang introduksiyon ni Jimmuel C. Naval. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2001.
- Cordero, Kristian Sendon. *Iraga: Mga Rawitdawit Sa Apat na Tingog (Mga Tula sa Apat na Tinig)*. M.A. thesis: Ateneo de Manila University, 2011.

- Cordero, Kristian Sendon. *Santigwar: mga rawitdawit sa Bikol asin Filipino*. Naga: Goldprint Publishing House, 2006.
- Coroza, Michael M. *Dili't Dilim*. Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 1997.
- de Belen, Gaspar Aquino. *Mahal na Passion ni Jesu Christong Panginoon Natin na Tola*. Ed. S.J. Rene B. Javellana. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1990.
- de Noceda, Juan, at Pedro de Sanlucar. *Vocabulario de la Lengua Tagala*. Ed. Virgilio S. Almarino, Elvin R. Ebreo, Anna Maria M. Yglopaz. Manila. 2013.
- de San Jose, Francisco Blancas, O.P., *Memorial de la Vida Christiana en Lengua Tagala*. Reimpresa en la Imprenta de D. Jose Maria Dayot, por Tomas Oliva. 1835.
- de San Jose, Francisco Blancas, O.P., "Sermones". Ed. Jose Mario C. Francisco, S.J., *PULONG: Sources for Philippine Studies*. Quezon City: Ateneo de Manila University, 1994.
- de Saussure, Ferdinand. "from Course in General Linguistics." *The Norton Anthology of Theory and Criticism*. Ed. Vincent B Leitch. New York: W.W. Norton & Company, Inc., 2001. pp. 956-977.
- Derrida, Jacques. "from Dissemination." *The Norton Anthology of Theory and Criticism*. Ed. Vincent B Leitch. New York: W.W. Norton & Company, Inc., 2001.
- Derrida, Jacques. "Différance." *Margins of Philosophy*. Trans. David Allison. Sussex: The Harvester Press Limited, 1982.
- Dimalanta, Ophelia Alcantara. "Literature and Religion." *Tomas Vol 2 Issue 1*. Ed. Cristina Pantoja Hidalgo. Manila: UST Center For Creative Writing and Studies, 2012. pp. 183-188.

- Dobyns, Stephen. *Best Words, Best Order*. New York: St. Martin's Press, 1996.
- Eliot, T. S. "Religion and Literature." *Five Approaches To Literary Criticism*. Ed. Scott, Wilbur S. New York: Collier Books, 1966. pp. 43-56.
- Erlich, Victor. *Russian Formalism: History – Doctrine*. 2nd Rev. ed. The Hague: Mouton, 1965.
- Gracio, Jerry B. *Apokripas*. Quezon City: University of The Philippines Press, 2006.
- Hornedo, Florentino H. *The Favor of The Gods*. Manila: University of Santo Tomas, 2001.
- Jakobson, Roman. "from Linguistics and Poetics." *The Norton Anthology of Theory and Criticism*. Ed. Vincent B Leitch. New York: W.W. Norton & Company, Inc., 2001.
- Lumbera, Bienvenido L., *Tagalog Poetry 1570-1898: Tradition and Influences in its Development*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1986.
- Manalo, Paolo. "Allan Popa, Kami sa Lahat ng Masama." *Philippine Studies* Vol. 52, No. 1 (2004): pp. 141-143.
- Oliver, Mary. *A Poetry Handbook: A Prose Guide to Understanding and Writing Poetry*. New York: Harcourt Brace & Company, 1994.
- Panganiban, Jose Villa. *Diksiyunaryo – Tesaurus: Pilipino-Ingles*. Manlapaz Publishing Co. Lungsod Quezon. 1972.
- Plato. "The Republic, Book X." *The Great Critics: An Anthology of Literary Criticism*. Ed. James Harry Smith and Edd Winfield Parks. Trans. B. Jowett. 3rd. New York: Norton and Company, Inc, 1977. pp. 6-24.

- Popa, Allan. *Maaari: Mga Bago at Piling Tula*. Quezon City. University of the Philippines Press, 2004.
- Popa, Allan. *Morpo*. Quezon City: Collective Axis, 2001.
- Reyes, Danilo Francisco M. *The Lighthouse of Words: Poetry as Healing*. M.A. Thesis: Ateneo de Manila University, 1995.
- Rolando B. Tolentino. Ed. *Poetika at Politika ng Malikhaing Pagsulat*. Quezon City: Likhaan: UP Institute of Creative Writing, 2008.
- Saguid, Joseph de Luna. *Kantilaho*. Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2009.
- Sanchez, Louie Jon A. *At sa Tahanan ng Alabok*. Manila: University of Santo Tomas Publishing House, 2010.
- Torres-Yu, Rose, Lilia Antonio and Ligaya Tiamson-Rubin. *Talinghagang Bukambibig*. Pasig: Anvil Publishing, 1997.
- Villanueva, Rene B. S.J. Ed. *Casaysayan Nang Pasiong Mahal ni Jesucristong Panginoon Natin na Sucat Ipag-alab Nang Puso Nang Sinomang Babasa*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1988.
- Magandang Balita Para Sa Ating Panahon*. Tagalog Popular Version. Maynila: Philippine Bible Society, 1980.





# TUNGKOL SA MAY-AKDA

Si Paul Alcoseba Castillo ay nagtuturo ng Panitikan at Malikhaing Pagsulat sa University of Santo Tomas. Nagtapos siya ng M.A. Creative Writing at kasalukuyang tinatapos ang doktorado sa Panitikan. Resident fellow siya ng UST Center for Creative Writing and Literary Studies, mananaliksik ng Research Center for Culture, Arts and Humanities, at ang kasalukuyang Deputy Director ng UST Publishing House. Kinilala na ang mga tula niya sa Carlos Palanca Memorial Awards for Literature, Makata ng Taon: Talaang Ginto, at Maningning Miclat Poetry Awards. Kasapi siya ng Linangan sa Imahen, Retorika, at Anyo (LIRA). Siya ang awtor ng *Walang Iisang Salita* na nagwagi sa National Book Awards noong 2019, *Lunas Sa Nabubuong Lubos*, at *Kondenado* na inilathalang lahat ng UST Publishing House.